Bakit kasi kailangan nilang ipilit sa akin ang isang bagay na ayaw ko?

Jobless pa rin si Paula. Mahigit isang taon na siyang graduate sa kolehiyo. Natapos niya ang kursong Hotel and Restaurant Management (HRM). Nagtrabaho siya sa isang fast food restaurant pero pagkaraan ng tatlong araw, nag-resign siya. Hindi raw siya nag-aral para maging taga-prito ng manok at taga-bati ng itlog!

Matalino siya. Pero hindi siya masipag mag-aral. Isang bagay na lagi nilang pinagtatalunan ng nanay niya. Ang gusto lang niyang gawin ay manood ng TV. Kung may trabaho nga lang daw na taganood ng TV, matagal na niya iyong inaplayan. Matagal na siyang promoted.

Sa unang tingin kay Paula, she looks perfectly okay. Maganda ang kanyang bilugang mata, very expressive ito. Matangos ang kanyang ilong at mapula ang mga labi. Katamtaman ang kanyang taas at pangangatawan. Natural ang pagkaka-kulot ng kanyang buhok. Kahawig niya ang artistang si Yasmien Kurdi. Minana niya sa ina ang kanyang tisay beauty. Pwede siyang mag-artista with her looks, kaya lang hindi siya marunong umarte. Sintunado ang boses niya. Kung hindi nauuna sa lyrics sa videoke ay nahuhuli naman. Laging wala sa tiempo. Matigas naman ang katawan niya pag sumayaw. In short, wala siyang talent. Lagi nga niyang reklamo sa ina, kung bakit hindi siya binigyan ng talento ng Diyos. Sinagot naman siya nito:  Dahil nang magsaboy ng talento ang Diyos ay nakahilata ka t nanunuod ng TV kaya t hindi ka naambunan kahit na kaunti. Dahil iyon sa katamaran mo!

Natatawa siya tuwing naaalala ang statement na  yon ng ina. Ayaw niyang seryosohin. Tamad na kung tamad. Basta, maganda siya.  Yon ang importante anuman ang sabihin sa kanya nito. Tiningnan niya ang mukha sa compact powder habang ngumiti-ngiti pa siya.
She s turning 21 and yet she still looks 18. Kikay kasi siyang kumilos at mag-ayos. She has not outgrown her adolescence, at madalas siyang masabihan ng immature. It s not that she s being immature. She just loves enjoying her youth. At doon siya nami-misinterpret ng marami.

She is not yet ready to face the real world.

Inabutan na ng pagtulog si Paula sa salas. Hindi niya namalayan na nag-sign off na ang channel na kanyang pinanonood. May kasama pang manaka-nakang paghihilik ang kanyang pagtulog. Isang malakas na sigaw ang bumulaga sa kanya.

 Paula!
Balikwas siya ng bangon. Bumungad sa harapan ang nanay niya. Kamukha niya ito, artistahin din, may katabaan nga lang. Bagama t mabait ang mukha nito, bakas ang pagkaistrikta. Hindi. Pagkairita pala. Mabait ang nanay ni Paula. Siya ang pasaway.

 `Nay naman, eh. Natutulog pa ang tao.  padabog na wika niya.

 Aba, Paula. Walang problema sa akin na matulog ka. Kung gusto mo, huwag ka nang gumising! Pero ang iwanan mong nakabukas ang TV sa buong magdamag? Sobra ka na! Hindi naman ikaw ang nagbabayad ng kuryente. Maawa ka naman. Magkano lang ang kinikita natin sa pagbebenta ng lutong ulam? Naturingang nakapagtapos ka ng kursong pagluluto, hindi ka naman mapakinabangan. Sana hindi na kita pinag-aral, sana pinag-asawa na lang kita!  Dire-diretsong pagtalak at litanya sa kanya ng ina.

Pagluluto ng ulam sa karinderya ang ikinabubuhay ng kanilang pamilya. Dating nagsasa-Saudi ang tatay niya pero makaraang mapaaway ito at muntik nang makulong, h

indi na ito pinabalik ng ina sa Saudi. Nagtayo na lang ang pamilya nila ng karin
derya. Sa pamamagitan ng kinikita ay nakapagtapos sila ng pag-aaral na magkakapa
tid. Maganda ang lokasyon ng kanilang bahay. Nasa kanto ito ng pusod ng subdibis
yon nila sa Quezon City. Malaki ang harapan ng bahay, ang kalahati ay garahe at
ang kalahati ay karinderya. Alas kwatro pa lang gising na ang ama at kapatid par
a mamalengke. Ang nanay naman niya ay alas singko gumigising para magluto. May a
gahan, tanghalian at hapunan ang kanilang inihahanda.

Nagpaliwanag pa siya.  Katutulog ko pa lang kaya. Kakasa-sign off lang niyan.

 Nagpapaliwanag ka pa. Bakit kaya mo bang magbayad ng kuryente? E, isang beses ka
pa lang nagtatrabaho, nakaka-tatlong araw ka pa nga lang, nag-resign ka na. Pagp
iprito lang ng manok inirereklamo mo pa, pagbabati lang ng itlog, inayawan mo pa
. Paano ka pa aasenso niyan? Tingnan mo ang Kuya Rico mo, nag-aaral at nagtatrab
aho. Nagsisikap makatapos ng abogasiya. Ikaw, ano ba talaga ang pangarap mong ba
ta ka? Sinusuportahan naman kita. Mas gusto mong humilata riyan. Napakatamad mo
kasing bata ka.

Tinakpan na ni Paula ang tainga. Paulit-ulit ang litanya. Isa lang ang kasalanan
g nagawa niya, napakahaba ng listahan ng galit nito. Wala na siyang nasabi. Napa
sulyap siya sa wall clock na kalagay sa bandang itaas ng TV. Alas singko ng umag
a. Kung bakit kasi nataon pang araw ng Linggo noon. Mas tanghali na mag-sign on
ang mga station. Hindi tulad ng ordinaryong araw, alas kwatro y medya ay may pal
abas na.

 Tumayo ka na riyan at mag-adobo ka!  Muling sigaw ng ina. Mas malakas.

Nakaramdam siya ng pagkapika sa ina.  Ang OA niyo naman, eh. Ang aga-aga niyong ma
g-sermon. Tingnan niyo nga ang oras Nay, alas singko pa lang ng umaga galit ka n
a. Kapag inatake ka pa sa puso, kasalanan ko pa. Pwede ka namang huwag magalit h
indi ba?

 Aba, may gana ka pang sumagot diyan. Bakit? Alam mo ba ang hirap ng ginagawa ko?  N
agsimula na namang maglitanya ang ina.

Pumunta na siya ng kusina. Pigil na pigil siya. Gusto niyang sumigaw sa inis. Pu
yat siya pero nawala ang antok niya.

 Mamaya lang bubuksan na ng Kuya Reycards mo ang karinderya!  Narinig pa niyang paha
bol na salita ng ina.

Isa pa ang kuya niyang  yan. Ate pala. Ate Renee pag gabi. Kontrabida rin sa buhay
 niya. Porke ito ang nakakatulong ng ina sa karinderya ay napaka-powerful nitong
 mambuska.

"Okey, fine. Fine okey," pangka-kalma ni Paula sa sarili. "Kaya mo `yan, Paula.
Sanay ka na. Hindi ka na dapat maapektuhan sa naririnig mo na ikaw ang pinakawal
ang kwentang tao sa bahay na ito. At para magkaroon ka ng kwenta, mag-adobo ka n
a!"

Narinig niya ang pagparada ng owner jeep nila. Dumating na ang kanyang tatay kas
ama ang kanyang Kuya Rico. Mas okey ang dalawang ito. Mas walang pakialam sa kan
ya.

Siya lang ang anak na babae. At labis niyang kinaiinisan ang ideya na naging bab
ae siya kaya t binibigyan siya ng obligasyong makatulong sa negosyo ng pamilya. Pa
mbabae raw kasi ang pagluluto sa karinderya. Inis na inis siya sa paniniwalang i
yon. Babae siya pero ayaw niyang magluto, maglinis ng bahay, maghugas ng pinggan

. May iba siyang gusto. Yung tulad ng napapanood niya sa mga Korean novela. Yung p
arang si Jessie sa Fullhouse na isang writer. O si Nicole sa All About Eve na is
ang newscaster. Pwede na rin sa kanya ang role ni Jewel sa Hotellier bilang gues
t relation officer sa isang hotel. Huwag lang taga-prito ng manok o taga-hugas n
g plato. Nakakabobo yon sa kanya.

Kanya-kanya silang duty. Hindi napapansin ang duty niya. Siya ang naglilinis ng
buong bahay, siya ang naglalaba, siya ang naghuhugas ng pinggan na pinagkainan n
ila. Minsan pati mga kaldero sa karinderya. Kung tutuusin, pinakamahirap ang dut
y niya. Kumpara sa Kuya Reycards niya na papaypay-paypay ng mga lutong ulam sa k
arinderya. Ito ang paboritong anak ng nanay niya. Na-wish niyang sana y ito na lan
g ang babae. Tutal, mas babae pa ito sa kanya.

Kahit nagngingitngit ang kalooban, kahit nagrerebelde ang damdamin, pinilit pa r
in ni Paula na sundin ang utos ng ina. Nag-adobo siya ng itlog!

Nasa harapan ng hapagkainan ang buong pamilya ni Paula. Naghihintay lang ng hain
ng mainit na kanin. Kakain sila ng almusal na mag-anak.

Bakit hindi ka na lang mag-asawa ng Koreano? Tutal halos lahat ng Koreano, crush
mo. Saka sa kanila nauubos ang oras mo? pambubuska sa kanya ng Kuya Reycards niya
.

Hindi siya sumasagot.

Sino nga `yung crush mo? Si Lee Shoo Kook `yun `di ba? Pagkuwa`y nagtawa ito. Ang
tinutukoy nito ay isang character na nakakatawa. Parang korean version ni Vhong
Navarro.

Inirapan niya si Reycards. Baka ikaw ang may crush doon, ganting pambu-buska niya.

Hindi ko type ang mga Koreano `no? Solid pinoy pa rin ako. May lambing ang boses n
ito habang nagsasalita. Kumpir-madong lalaki ang gusto nito.

Tumikhim ang kanyang ama. Kahit tanggap sa pamilya nila na gay ang Kuya Reycards
niya, ayaw ng ama na hayagang pag-usapan ang tungkol dito. Lalo na kung may inv
olved na lalaking type nito.

Naramdaman niyang sinipa ng kapatid ang paa niya mula sa ilalim ng mesa. Ito kasi
.

Sino bang nauna? paasik na tugon niya.

Inabutan sila ng ina na nagtatalo sa harap ng hapag kainan. Tama na, kakain na ta
yo, awat ng ina. May dala itong isang bandehadong kanin.

Nasaan ang ipinaadobo ko sa`yo? tanong ng ina.

May takip ang isang plato, binuksan ni Paula. Nagtinginan ang lahat sa laman ng
plato.

Ano `yan? Sabi ng ina.

Adobo, tugon niya.

Nasaan ang manok?

Natigilan si Paula. Manok ba?

Bakit, ano bang alam mong iaadobo mo? usisa ng ina.

Akala ko itlog,  kampanteng sagot niya.

Hindi napigilan ng kanyang mga kapatid na lalaki na pagtawanan siya. Pati ng ama
.

Nag-eksperimento ka na naman. Hindi naman inaadobo ang itlog. Isinasama `yan sa a
dobo pero buo ang itlog. Sinong kakain niyan?  Napipikon na tanong sa kanya ng ina
.

E, di ako!  sabi pa niya sa lahat.

Mahilig siyang mag-experiment ng luto. Hindi iyon ang unang beses. Hindi rin iyo
n ang huli. Kinain ni Paula ang sariling luto. Nasarapan siya.

Ako rin kakain,  sabi ng ama.

Lihim niyang fan ang ama sa pag-lu-luto. Nasarapan ito.  Okey ha? Bago ito.

Nagkatinginan ang magkapatid. Tinikman din ni Rico.  Uy, masarap.

Napapangiti siya. Hinihintay niyang sumunod na kumuha ang Kuya Reycards niya. Ti
nikman din nito.

In fairness ha? Magaling ka talagang magluto, Sis. Kahit hindi mo ginagamitan ng
utak ang pagluluto mo, perfect pa rin ang taste.

Ang ina na lamang ang hindi tumitikim ng eksperimento niya.

"Hala, sige. Sino pa nga bang kakain niyan? E, di tayo- tayo rin. Ika nga, love
your own. Wala namang bibili niyan sa karinderya.

Tinikman ng ina ang luto niya. Lihim siyang natatawa. Sa isip-isip niya, ang dam
i pang sinabi, uubusin rin naman pala. At nag-agawan pa sa natira!

Dinalaw siya ng kaibigang si Belle. Nagtatrabaho ito sa isang tutorial center ng
English.

Isama mo na `yang kaibigan mo. Hanapan mo ng trabaho.  Pamimilit ng nanay niya sa k
aibigang si Belle.

Sumama ka na sa akin. Nag-resign `yung isang tutor at pinahahanap ako ng boss nam
in ng kapalit. Okey ang sweldo. Hindi rin nakatali sa oras. Saka pulos Koreano a
ng mga kliyente natin. Hindi ba very fond ka sa kanila?  Batid ni Belle na paborit
o niya ang Korean novella.

Hindi ako fluent. Ilang call center na ang inaplayan ko, hindi ako natanggap.

Iba naman ang call center. Accent ang hinahabol nila sa mga applicant. Dito kahit
anong accent mo, okey lang. Basta nakakapagsalita ka ng English, ayos na.

Muling dumaan ang ina sa salas at nagparinig na naman.  Kung ayaw sumama, hanapan
mo na lang ng asawa `yan para mag-asawa na lang.

Nag-make-face pa si Paula sa ina.  Oo na!

Nagtawa si Belle dahil sa sinabi ng kanyang ina.  Ano? Sama ka na. Para matapos na
ang dilemma mo rito sa bahay niyo.

Napilitan si Paula na sumama kay Belle. Natanggap siyang tutor. Okey naman ang s weldo at hindi nakatali sa oras. Naka-kaisang linggo na siya at sign  yun na nagus -tuhan ni Paula ang trabaho bilang tutor.

Naging close siya kay Chimci, isang batang Koreana na may sampung taong gulang. Mabilis itong natuto sa kanya. Pabalik na ang mga ito sa Korea sa susunod na buw an. Pinag-aral lang ito ng inang si Mrs. Shook ng English kaya t dinala sa Pilipin as. Mas mura pa raw kasi na pumunta ang mag-ina sa Pilipinas, kaysa sa Korea ito ikuha ng tutor.

Mag-apply kaya tayo sa Korea, triple ang sweldo roon?  yaya sa kanya ni Belle.

Grabe ang kompetisyon doon `no? Bago tayo matanggap, `yung mga English major muna . Ang dami kaya nating kasamahan sa tutorial na English major. Ibig sabihin, mar aming jobless sa kanila.

Swertehan lang ang pagpunta sa ibang bansa. Malay mo, isa sa atin swertehin.

Wala akong swerte riyan. Ako na nga ata ang pinakamalas na tao sa buong mundo da hil sa pamilyang meron ako.

Mababait naman sila. Ayaw lang nila ng ginagawa mo.  Pagko-correct pa ni Belle sa sinabi nito sa kanya.

Alam kasi nila na hindi mo gusto ang negosyo ng pamilya niyo. E, `yun nga naman ang ikinabuhay ninyong lahat. Kaya ka pinag-aral ng HRM dahil sa pag-asang palal akihin at magma-manage ka ng negosyo niyo. Gusto nilang gawing hotel ang karinde rya niyo.  May himig pagbibiro sa boses ng kaibigan.

May iba akong gustong gawin. Bakit kasi kailangan nilang ipilit sa akin ang isang bagay na ayaw ko? Gusto kong mag-work sa corporate world. Gusto ko rin sa media . Gusto ko rin sa bangko. Kahit sa call center. Kahit nga tutorial. Kahit saan, huwag lang sa kusina.

Madaling naintindihan ni Belle ang mga sinabi niya. Bata pa sila y magkaibigan na sila. Classmate niya ito ng elementary hanggang high school. Nagkahiwalay lang s ila noong college dahil iba ang kursong kinuha nito   AB English. Dahilan kaya na-link ito sa mga tutorial. Mas malakas daw ang raket kumpara sa magturo ng regula r class o mag-copy editor sa mga book o magazine. Naiinggit siya kay Belle. At l east, nagawa nito ang gusto sa buhay. Unlike her, hindi na nga niya nagawa ang g usto niya, lumalabas na sa pamilya nila, siya ang pasaway! Tamad. Walang kwenta. Walang pangarap.

Ipinatawag siya ng may-ari ng tutorial center. Isang simpleng opisina lang ang p inasok ni Paula. Isang cubicle para sa may-ari.

Mrs. Shook wants to talk to you, Hija. Have a seat.

It`s about my daughter Chimci. She wants you to come with us. In Korea.  Nakangiti pang wika ni Mrs. Shook.

Nagtaka siya.  Ha?

Ipinaliwanag ng may-ari na si Mrs. Teodoro ang gustong mangyari ni Mrs. Shook.  Gu sto raw kasi ni Chimci na isama ka sa Korea para mag-alaga kay Jenki.

Nangunot ang noo niya. Sino si Jenki? Sa loob-loob niya.

He`s my five year old son. He`s alone always in our home during weekdays. We are at Seoul City. Chimci is studying there. I want you to take care of my son. Tell me how much do I need to pay you? I`ll bring you to Korea. I will pay for everything. And for your visa and passport.

Hindi agad siya nakahuma.

I will pay you in won but the equivalent is thirty thousand pesos.

Hindi na masama ang treinta mil na sweldo. Libre tirahan at pagkain. Makakarating pa siya ng Korea. Wala siyang gagawin kundi ang magbantay ng limang taong gulang na lalaki. Wala siyang gagawin kundi ang manood ng TV.

Tuwang tuwa si Belle nang sabihin niya rito ang tungkol sa offer ni Mrs. Shook sa kanya.

Go girl. Pagkakataon mo ng maka-alis sa inyo at magawa ang gusto mo.

Hindi ko gustong maging yaya.  Tiyak na wika ni Paula.

Ano ka ba? Sabi mo gusto mong gawin maski ano, huwag lang sa kusina. O `yan, ibang career path ang tatahakin mo riyan.  Patuloy na pangungumbinsi sa kanya ng kaibigan.

DH- nanny. Okey na career path `no?  May pagka-sarkastikong wika ni Paula.

Natawa si Belle.  Sige na, try mo lang. Mag-ipon ka lang. Kapag hindi mo nagustuhan, balik ka rito. At least may pera ka na. May respeto na sa `yo ang pamilya mo pagbalik mo.

Respeto. Wala nito sa pamilya niya. Kahit anong effort ang gawin niya. Masama ang reputasyon niya at hindi madaling baguhin ang impresyon ng mga ito sa kanya.

Gaya ng inaasahan ni Paula, halos ipinagtulakan siya ng ina at mga kapatid. Para raw magkaroon na siya ng silbi. May matutuhan din naman daw siya sa Korea. Matututo siyang magluto ng mga Korean food. Makapag-e-experiment daw siya ng kimchi.

Nangyari ang hindi inaasahan ni Paula. Inihatid siya ng nanay niya sa airport. Inihatid siya ng tatay at dalawang kuya niya. Naroon din pati si Belle. At higit sa lahat, animo y inihatid siya ng buong barangay nila. Madaming sinabi sa kanya ang mga ito. Mga paalala, mga bilin, mga ipapadala niyang pasalubong.

Kasama niya ang mag-inang Shook na sumakay ng eroplano. Umiiyak siya. Hindi dahil nalulungkot siya para sa pamilya. Kundi dahil parang ang lahat ng tao sa Pilipinas ay nagbubunyi sa pag-alis niya. Nagrebelde ang damdamin ni Paula. Isinumpa niyang hindi siya babalik ng Pilipinas kung hindi dala ang isang karangalan. Titiyakin niyang mabibigyan siya ng parangal na pinakamagaling na yaya sa buong mundo!

Dumating sila ng Korea. Springtime noon, the mountains and fields were abloom with cherry blossoms, forsythia, azaleas, magnolias and lilacs. Impressed na impressed si Paula. Hindi lang daw ito ang makikita niyang magandang scenic spots sa Korea sabi pa ng batang si Chimci habang binabagtas nila ang kahabaan ng highway. Enjoyable all year-round ang travelling sa Korea.

You should see Korea in summer, autumn and winter.  Excited na sabi ng bata.

Sa isip-isip niya y para pa lang kanta ang climate rito, winter, spring, summer an d fall. Naalala pa niya ang himig ng awitin.

Dumating sila sa maganda at malaking bahay ng mga Shook. Na-shock siya sa natukl asan. Isang pusa ang kanyang aalagaan. Si Jenki ay isang Persian cat!

his is my five year old son. Paula, meet Jenki.

Naunang pumasok ang mag-inang Shook sa loob ng bahay. Sumunod lang si Paula. Hin di na niya nagawang magtanggal ng sapatos pagpasok sa loob. Tinapakan niya na an g carpeted na sahig. Ibinaba lang niya ang dalang backpack sa lamesang nadaanan niya.

Kitty, kitty, kitty, kitty! pagtawag ni Mrs. Shook at agad namang tumalon at kumal ong ang pusa sa babae. Ipinakilala si Paula kay Jenki. This is my five year old s on. Paula, meet Jenki.

Hindi siya makapag-react. Parang naging slow motion ang lahat sa kanyang paningi n. Isang dramatikong eksena ang nagaganap. Tila magpe-faint siya sa kinatatayuan .

Ipinaliwanag pa sa kanya na naiiwan si Jenki at caretaker lang ang nag-aalaga ri to kaya t nagpasya si Mrs. Shook na ikuha ito ng yaya.

How do you find, Jenki? Isn t he adorable? tanong pa sa kanya ni Chimci.

Yes, he is really adorable. Napipilitang wika ni Paula. Tumangu-tango pa siya.

You will like him. He is very nice. He`s very intelligent. Pagbibida pa ng batang babae.

Cute naman talaga si Jenki.Isa itong Persian cat na kulay gray ang napakakapal n a balahibo. Kulay green naman ang mata nito at tiningnan siya mula ulo hanggang paa. Para bang sinisipat kung sino siya at anong ginagawa niya roon. Hindi pa na kuntento ang pusa at nagpalakad-lakad pa ito at inikutan siya. Daig pa nito ang nag-hire sa kanyang si Mrs. Shook. Matamang pinagmasdan siya ng pusa at inamoy-a moy ang kanyang paa na nakasuot ng sapatos. Kinalmut-kalmot pa ito ni Jenki, nag ulat siya sa ginawa nito. Bagung-bago pa naman ang brown leather shoes na ibinig ay ng nanay niya bago siya umalis. Ngali-ngaling sipain niya ang pusa, kundi lam ang siya nakapagpigil.

Tumawa si Mrs. Shook. Here in Korea, traditionally we sit, eat, and sleep on the floor. That is why shoes are always removed when entering a Korean home. But whe n you go to other house to visit, bare feet can be offensive to the elderly, so it is best to wear socks or stockings.

Nakikinig lamang siya sa sinasabi ng matandang babae.

But in this case, Jenki doesn t like shoes entering in his carpeted room.

Napahinga siya ng malalim. Ang dami namang arte ng pusang ito. Nagmamalinis pa. Binigyan siya ng instruction ni Mrs. Shook kung paano inaalagaan si Jenki.

Here is the cat food. You feed him at least twice a day. No more, no less. No oth er food except this. Only this. Ang pagkaing nasa lata ang tinutukoy ni Mrs. Shoo k.

Sinabi rin sa kanya nito kung ano ang hobby ng kanyang alaga.

He watch TV all the time. He is fond of watching TV. He has a favorite TV channel

, paliwanag pa ni Chimci.

Nanlaki ang mata ni Paula. Really? Natuwa siya. At least compatible pala sila ng a
laga.

May sariling room si Jenki. Namilog ang kanyang mga matang sadya ng malaki t mamil
og. Namangha si Paula sa hitsura ng sariling silid ng pusa. Tumambad agad sa kan
yang paningin ang isang pagkalaki-laking flat TV na halos sumakop ng isang buong
wall ng silid nito.

He`s favorite channel is Discovery channel.

Pang-matalino pa ang paboritong panoorin ng pusa. Kalaban pa pala niya ito sa sh
ow na gusto niyang panoorin. Ayaw niya ng ganoong palabas. Ayaw niya ng nag-iisi
p. Gusto niya na tumatawa at umiiyak lang siya sa mga pinapanood. Ganoon lang ka
simple ang gusto niya. Ayaw niya ng mga panooring pang-intelektwal.

Tumalon si Jenki sa kama. Malambot, malaki at pagkaganda-ganda ng kama. Naka-bed
sheet pa na may disenyong mga kuting na nasa loob ng basket. May unan na embroi
dered na pusa pa rin ang disenyo. Sa paligid ng kwarto ay may mga frame at pictu
re ni Jenki kasama ang pamilyang Shook, kasama si Chimci at take note may solo s
tudio picture pa. Hindi niya mapaniwalaan ang mga nakikita. Sa mga pelikula lama
ng nangyayari ang ganito.

He is used to cold temperature, paliwanag ni Mrs. Shook. He hates hot temperature t
hat`s why his aircon is on 24 hours.

Binuksan ni Chimci ang isang pinto. This one is his toilet.

Tiningnan ni Paula ang toilet na sinasabi ng batang babae. Ngali-ngali niyang ba
tukan ang mag-ina sa ginagawang pagtrato sa pusa. Sa bahay nila, sinisipa-sipa l
ang niya ang mga pusang makukulit na humihilig sa hita niya sa tuwing hihingi ng
pagkain. Dito, pagsisilbihan niyang parang hari ang isang pusa.

He knows how to use flush everytime he pees.

All you have to do is wipe his ass and that`s it!

Noon siya na-culture shock ng husto. Pumunta siya ng Korea para sa sweldong trei
nta mil at sa trabahong taga-punas ng pwet ng pusa?

Dinala si Paula ni Mrs. Shook sa kanyang magiging silid. Naiwang naglalaro sa sa
las sina Chimci at Jenki. Pinagmasdan niyang mabuti ang silid. Mas maganda pa an
g silid ni Jenki kaysa sa magiging silid niya. Isang simpleng kama, electric fan
at cabinet ang naroon. Nakaramdam siya ng pagkaapi at pangmamaltrato. Gusto niy
ang palayasin ang pusa at doon siya tumira sa silid nito. O kahit makipagpalit m
an lang. Wala siyang TV. Hindi naka-aircon ang silid niya tulad ng silid nito. M
ay centralized aircon at heater ang bahay pero iyon ay malayo sa silid niya. Nak
aramdam na naman siya ng pagkaapi. Naawa siya sa sarili. Api na nga siya sa Pili
pinas, kaapihan din pala ang daranasin niya sa Korea.

Hindi. Hindi siya papayag. Lihim niyang palalayasin ang pusa sa silid nito at si
ya ang gagamit. Tuwing weekends lang siya babalik sa kwarto niya. Hindi niya ito
patutulugin kahit sa quarter s room. Sa salas lang ito. O sa kusina. Pang kusina
ang pusa at hindi para sa isang magandang silid. Kaya nga ayaw niya sa kusina da
hil hindi siya pusa. Ilalagay lang niya sa tama ang lahat. Sa katwiran.

You are not allowed to sleep inside Jenki`s room.

Bagay na ikinamangha niya. Bakit? E, pusa lang naman  yun? Kung tao pa si Jenki, i
isipin niyang may diskriminasyon. Hindi pwedeng magkasabay kumain ang mag-amo, m
atulog pa kaya? Maiintindihan niya  yon. Pero pusa si Jenki. Pusa! At kahit ba sa
isang pusa ay discriminated siya?

 Because, if you have asthma, Jenki might catch your asthma and get sick.

Malolоka si Paula. Sa kanya pa talaga mahahawa ang pusa? Okey, fine. Hinamig niy
a ang sarili. Ganoon daw talaga ang buhay. Maraming kalokohan. Maraming kabaliwa
n. At nag-iisa siya para kontrolin ang lahat ng kabaliwang nagaganap sa paligid
niya.

Parang gusto na niyang bumalik ng Pilipinas at magluto na lang ng manok. Kahit a
dobo pa. Kahit prito pa. Kahit pa pinaupuan o inasinan. Kahit ano, iluluto na ni
ya. Huwag lang niyang gawin ang ipinagagawa sa kanya ni Mrs. Shook. Dahil utang
na loob, baka maiadobo niya ang pusa!

Umiiyak si Paula habang kausap ng ina. Exaggerated siya. Napakababa raw ng pagka
tao niya dahil ang amo niya ay isang pusa.

 Magkano ba ang sweldo mo riyan?

 Treinta mil.

 E, nung taga-prito ka ng manok, magkano sweldo mo?

Nag-isip siya. Pilit na inalala ang mapait na karanasan sa trabaho. Manager siya
 talaga noon. Training pa lang. Inuutus-utusan siya ng crew na mag-prito ng mano
k. Gusto niyang batukan ang crew noon na pagkatapang-tapang. Manager siya. E, an
o ba kung trainee pa lang siya. Ang importante, manager siya. Pero masungit ang
crew na taga-prito. Nasunog niya ang manok at nagsalita ito ng negatibo sa kanya
.  Para manok lang, hindi ka pa marunong mag-prito. Paano ka magiging manager niya
n?  Big deal ang sinabi nito sa kanya. Hindi niya matanggap. Manager na nga siya t l
ahat, tatalakan pa rin siya ng crew.

Naalala niya ang nanay niya. Naalala niya ang Kuya Reycards niya. Naalala niya a
ng lahat ng taong nang-aapi sa kanya. Nag-resign siya sa trabaho. Naalala na niy
a ang dapat magiging sweldo niya kung hindi siya nag-resign.

 Sais mil ang starting ko noon.

 Gaga ka pala. Paano magiging mababa ang pagkatao mo kung ang sweldo mo times five
 ng sinusweldo ng manager dito? Kahit kanino mo ipagtanong, maswerte ka. Para ka
ng tumama ng lotto.

 A-anong swerte roon, Nay?  Panay pa ang hikbi niya.

 Imagine, hindi marunong magreklamo ang amo mo?

 Anong hindi? E, Discovery Channel nga ang pinapanood ng pusang `yun. Malay ko kun
g marunong mag-English `yun kaya pinaturuan ni Mrs. Shook si Chimci para mag-usa
p ang dalawa.

 Hay naku, Paula. Tigilan mo nga ako sa mga kalokohan mo. Nagkataon lang talaga na
 espesyal sa kanila ang pusang `yan. Parang anak ang turing ni Mrs. Shook. Pasal
amat ka na lang at pusa ang aalagaan mo at hindi matandang dumudumi na sa kama.

Naalala pa niya ang trabaho niyang taga-punas ng pwet ng pusa.  Mas gusto ko pang sa tao gawin iyon, `Nay. At least, sa tao.

Tigilan mo na `yang karereklamo. Hindi ka bubuhayin niyan dito sa Pilipinas. Magpasalamat ka sa swerte mo. Hindi lahat ng tao ay dinadatnan ng ganyang swerte.

Swerte? Anong swerte na pangi-noonin ang isang pusa? My God! Sa loob-loob ni Paula.

Gustong sipain ni Paula si Jenki habang nanonood ito ng TV. May cat food pa sa harapan nito. Sa loob-loob ni Paula, ang sarap gawing siopao nito. Sinubukan niyang ilipat ang channel sa pamamagitan ng remote control.  Tingnan ko lang kung makapalag ka.

Nagtakip ng dalawang mata ang pusa sa pamamagitan ng paws nito. Kinusot-kusot pa nito ang mga mata nang makitang Korean novela ang pinapanood niya.

Aba, marunong mag-drama ang loko. Ewan ko sa`yo. Bahala ka sa buhay mo. Pusa ka lang. Anlagay, ikaw pa ang masusunod sa ating dalawa. Alalahanin mo, tayong dalawa lang ang nakatira sa bahay na ito. At anuman ang gawin mo, hindi ka makakapagsumbong. Hindi ka marunong magsalita ng salita nila. Ako nga, hindi marunong, ikaw pa?  diretsong litanya niya.

Panay pa ang irap ni Paula kay Jenki. Nabigla siya dahil nagawang ilipat ni Jenki ang channel sa pamamagitan ng manual channeling. Hawak niya ang remote control, inilipat niya ulit ang channel. Inilipat ulit ng pusa. Inilipat niya ulit. Inilipat ulit ng pusa. Inilipat niya. Inilipat nito. Hindi kaya ng powers niya ang kakulitan nito. Suko siya. Ibinato niya ang remote control. Ano bang laban niya sa isang pusang hindi naman nagagalit sa ginagawa niya?

Siya ang nagagalit.  Hindi kita pakakainin! Hindi kita palalabasin! Ni hindi kita paiihiin! Mamaltratuhin kitang pusa ka!

Lumabas siya ng pinto. Ibinalibag pa niya ito. Para siyang may kaaway na tao. Masahol pa. Hindi siya pumasok ng silid ni Jenki buong maghapon. Sinadya niyang i-lock ang lahat ng pintuan. Pati toilet. Para hindi ito makagamit. Naalala niya ang sabi ni Mrs. Shook na hindi marunong umihi sa kama o carpet si Jenki. Sa toilet lang talaga. Nagpipigil ito kapag sarado ang toilet.

May breeding ang loko! Wika pa niya. Panay ang irap ni Paula. Nasa salas lang siya at doon nagpapalipas ng oras. Walang TV sa salas. Walang kahit anong pagkakalibangan. Telepono lang. Naisipan niyang tawagan si Belle. Nagbakasakaling nasa bahay ito.

Friend, kumusta ka na?  magiliw pang bati ni Belle sa kanya.

Eto, mainit ang ulo. May kaaway ako.

Ikinuwento niya ang pinag-awayan nila ni Jenki.

Humagalpak ng tawa si Belle.  Ano ka ba? Patulan ba ang pusa? Pusa lang `yon, `no? Ano ka ba naman Paula?  tawa pa rin ng tawa si Belle.

Pero hindi basta pusa lang si Jenki sa kanya. Para itong anak ng Diyos. Kulang na lang ay maging tao ito at makukuha na nito ang lahat ng swerte sa mundo.

Kinaumagahan ay nawawala si Jenki. Naisip niyang baka naglayas na dahil sa pagmamaltrato niya. Kinabahan siya. Baka nasagasaan o nakidnap ito. Na-catnap pala. Baka mapagbintangan siyang nilason niya at inilibing ito kung saan. For sure, ipakukulong siya ni Mrs. Shook.

Hinanap niya kung saan-saan si Jenki. Nagpaikut-ikot siya sa bakuran. Pero wala siyang Jenki na makita. Nakalabas na siya ng bakuran nina Mrs. Shook.

Naku, pusa ka! Iihawin talaga kita pag nakita kita.  Pagod na pagod na siyang maghanap. Humihingal na siya. Natigilan si Paula. May nakita siyang buntot na nakalawit sa bubong. Si Jenki iyon, tiyak niya. Ang hinayupak na ito at lumalandi pala! Nasa bubong ito.

Pilit na umakyat ng bakod si Paula para sundan ang pusa na nasa bubong ng kapitbahay. Alam niyang hindi siya susundin ni Jenki kapag tinawag niya. Baka mabulabog ito at magtatakbo pa. Dahan-dahan siyang umakyat hanggang sa bubungan. Nabulabog ang pusa. Lumingon ito at nakita siya. Nagtama ang paningin nila. Nagtitigan pa silang dalawa. Bigla niyang nilundag si Jenki. Hindi niya nahuli dahil mabilis na nakatalon ang pusa. Nagtatakbo ito sa bubungan. Hinabol niya. Maingay. Nagdulot iyon ng ingay at kalabugan. Hindi siya papayag na hindi mahuli ang pusa. Hindi siya papayag na makawala pa ito. Tumalon ito at tumalon rin siya. Nakalimutan niyang sa kabilang bubong ito tumalon kaya t dire-diretsong nahulog siya.

Bumagsak si Paula sa kamay ng isang Koreanong lalaki. Gwapo. Tila nagka-magic. Nag-spark ang kanyang puso, at nagkaroon ng fireworks sa paligid.

his is for you. You`re my lucky charm. Mula ngayon, friend na tayo.

Muntik nang mapatili si Paula. Pero napigilan niya ang sarili. Parang eksena sa isang Korean novela ang nangyayari at siya na ang bida. Karga siya ng isang lalaki. Si Tom Lee Young. Isang artistang Koreano. Sinalo siya nito. Ito ang kanyang knight in shining armour kaya t hindi siya tuluyang naaksidente. Ibinaba siya nito.

Namukhaan niya ang lalaki.  Kilala kita. Natatandaan kita.

Napatili si Paula ng matiyak niyang si Tom Lee Young ang lalaki.  Napanood kita sa Korean novela na My Only Cow.

Nangunot ang noo ni Tom Lee Young.

Correction pala, My Only Vow. Ikaw `yun, `di ba?

Hindi siya maintindihan ng lalaki. Naalala niyang Koreano nga pala ito.

`Sensiya na. Excited ako sa`yo.  Nag-pause si Paula.  Wait, you speak English?  Tanong pa niya.

Yes, of course!

Natuwa si Paula.  All right. I speak English, too. We can communicate.

What are you doing here?  Usisa nito.

Natigilan si Paula. Nasa kabilang bakuran na pala siya. Nag-trespass siya.

I`m sorry. I was chasing my cat, Jenki.  Naalala ni Paula ang pusa.

Jenki? Jenki is your cat?

Yes, yes. She`s my cat. My alagang cat. Natawa siya sa sinabi niya, I mean, my Pers ian cat. The gray big fat Persian cat. Idini-describe pa niya kung gaano ito kabi gat at nanlalaki pa ang kanyang mga mata.

Marahang tatangu-tango si Tom Lee Young. Okey. I understand now. You get hurt?

No, no, thank you for catching me.

It`s okey. I`ll help you to find Jenki. He`s a very good cat. Very intelligent.

Yes, yes. He`s very intelligent than to me.

Natawa si Tom Lee Young dahil sa sinabi niya. Tinawag ni Tom si Jenki. Mabilis n a tumalon ang pusa rito.

You`re close ha? Very close to each other. Napansin niyang malapit ang pusa kay To m.

Hinimas -himas ni Tom ang pusa. Yes, we`re neighbors.

We both neighbor, too. And I want to get close to you, too.

Ngiting-ngiti si Paula. Kinuha niya si Jenki.

Your cat is very nice.

Panay ang tango niya kay Tom Lee Young. Oo nga raw. Mabait daw ang alaga niya. H inimas-himas pa ni Paula ang katawan nito. Tinapik-tapik sa ulo. Mahina lang. Hi ndi obvious na gusto niyang batuk-batukan.

Bye the way, I`m Paula.

Yumukod ito bilang tanda ng pagbati sa kanya.

Glad to meet you here, Paula.

Nagpaalam siya kay Tom. Kahit nasalo siya nito ay nasaktan pa rin siya. Naglakad ng iika-ika. Nilingon pa niya ito hanggang sa makalabas siya ng gate ng bahay n ito. Nakangiti pa ito sa kanya.

Pigil na pigil siya. Pagdating sa loob ng bahay, saka siya nagtitili dahil sa ma tinding kilig. Si Tom Lee Young. Gwapo. Hunk. Gentleman. Ngayon, crush na niya i to. Noong nasa Pilipinas ay hindi niya ito masyadong tinitilian. Hindi naman kas i ito masyadong sikat. Second lead role lang ito kadalasan. Ang tinitilian niya ay iyong mga bida, yung sikat na sikat. Pero iba na ngayon ang pangyayari. Sikat na ito sa paningin niya. Iniligtas siya nito. Kinarga. Natitigan pa niya ito. Na aamoy pa. Amoy Papa! Kaya t deserve na itong tilian ng malakas.

Tila tinakpan pa ni Jenki ang tenga nito dahil sa nakabibinging tili niya. Kinuh a niya ang pusa. Hinaplos- haplos niya ito. Pilit siyang nagpapakabait dito.

Nagpunta sa kusina si Paula dahil pakakainin niya ang pusa. Nag-iisang lata na l ang na cat food ang natitira. Naghanap pa siya ng iba pero wala na.

Ubos na talaga.

Miyerkules pa lang. Sabado pa ang balik ng amo niya.

Mabubuhay ka ba nito? Tatlong araw pa bago sila umuwi.

Naghanap siya sa cupboard ng mga posibleng pagkain na pwede niyang ipakain dito. Wala siyang mailutong pagkain niya na pwedeng kainin ng pusa. Pulos noodles ang naroon. Natawag ang pansin niya ng isang supot. Isang plastic na may nakasulat pang Tagaytay, Philippines. Binili ng amo niya sa Pilipinas. Napangiti siya. Pwe de na ang nakita niya.

Hinarap niya si Jenki.  Dahil naging napakabuti mong pusa sa akin, dahil nakilala ko si Tom Lee Young dahil sa`yo, ipagluluto kita ng espesyal na pagkain. Hinding -hindi kita gugutumin, Friend.

Kumuha siya ng pan. Sinimulan niyang mag-eksperimento ng pagkain ng pusa.  Para sa an pa ang pinag-aralan ko kung para pusa lang ay hindi ko maaalagaan ang diet.

This is for you. You`re my lucky charm. Mula ngayon, friend na tayo. Ikaw ang mag sisilbing tulay ko kay Tom Lee Young. Lam mo na? Marami na akong nabasang love s tory na ganoon. Nagta-gumpay ang mga love story nila dahil sa mga kahayup-hayupa ng tulad mo, Jenki.

Hinimas-himas pa niya ito habang kumakain. Sarap na sarap ito sa niluto niyang d e-latang cat food con tenga ng daga.

Sabi na, eh. Malakas talaga sa pusa ang appeal ng daga. Kahit tenga lang ng daga!

May nag-door bell. Tinungo ni Paula ang pintuan para tingnan kung sino ang dumat ing.

Hindi inaasahan ni Paula ang pagdating ng amo. May mga dala itong pagkain ng pus a at mga supply ng pagkain na rin niya.

Mrs. Shook!

Oh, why do you look like you have seen a ghost?

I thought you d arrive on Saturday?

Ahh, I remember there is no cat food for Jenki.  Hindi man fluent ang pagsasalita n g amo ay nagkakaintindihan naman sila.

Nagtatakbo palapit kay Mrs. Shook ang pusa. Kinabahan siya. Baka hindi lang niya alam na marunong itong makipag-usap at makapagsumbong kay Mrs. Shook ng mga nan gyari nitong mga huling araw. Ngayon pa lang ito nagiging mabait sa pusa. Ngayon pa lang niya ito inaalagaan ng mabuti. Nakiramdam siya. Nagkukusot ito ng mata. Parang nagsusumbong. Kinabahan siya ng husto. Lintek na pusa ito at talagang ma babatukan niya pag nagkataon. Hindi niya afford mawalan ng trabaho. Hindi ngayon . Kung kailan pang nalaman niyang nasa kabilang bahay lang ang lalaking para sa kanya.

Kinausap siya ng amo.  Why is Jenki lonely?  tanong sa kanya nito.

Nagpaliwanag si Paula. Inisa-isa ang ginawa niya.

I feed him regularly, he always watch TV and there seems no problem, Mrs. Shook.

Tinantiya ni Mrs. Shook kung nagsasabi siya ng totoo.  Okey, maybe, Jenki s still ad justing with you. But next time, I don t want to see my son like this anymore.

Yes, Mrs. Shook. Promise. I will double my effort taking care of Jenki.

Muntik na siyang mabuko at mapagalitan. Nakumbinsi naman niya ito. Nagpunta ang amo sa kusina. Nakita nito ang tenga ng daga na kanyang iniluto.

Naalala niya ang bilin ng amo. Hindi pwedeng pakainin ang pusa ng kahit na ano. Hindi pwedeng malaman na niluto niya ang pagkain para sa pusa.

I cook that food for me.

Really? Can I eat this?

N-no... Pagtutol ni Paula.

Tiningnan siya ng masama ng amo.

I mean, yes. Sure, why not, Go ahead. Make your day. Taste the food.

Tinikman ng amo ang pagkain. Matagal nginuya. Delicious.

Really? Napipilitang napangiti siya.

Tumangu-tango pa ito. Very delicious. How do you cook this? Muling sumubo ng isang kutsara.

Napapikit pa siya. V-very simple. Just add this and this. Just experimenting. Hinintay niya kung biglang tutumba o babaligtad ang amo. Baka bigla itong mamatay dahil sa kagagawan niya.

Pero hindi niya naawat ang katakawan nito. Kinain ni Mrs. Shook ang lahat ng pagkain ni Jenki. Sarap na sarap ito. Walang kamalay-malay na may halo itong cat food!

Natutulog na si Jenki. Dahan-dahang pumasok si Paula sa loob ng silid ng pusa. Binuksan niya ang TV pero inalisan niya ng sound. Nanood siya ng Korean novela na kilos lang at buka ng bibig ang pinagbabasehan. Hindi rin naman niya naiintindihan ang pag-uusap ng mga ito. Kasama sa Korean novela si Tom Lee Young. Kinilig siya. Naalala niya ang paraan ng pagkakakilala nilang dalawa. Nahulog siya sa mga bisig nito.

Hay, you`re my prince charming.

Nag-day dream siya. Ini-imagine niya na siya ang kaeksena ni Tom Lee Young. Nasa salas ito kasama ang isang magandang babae. Hinahaplos ni Tom Lee Young ang mukha ng babaeng kaharap. Masuyong iniangat nito ang mukha at dinampian ng halik ang mga labi ng babae. Marahan sa simula hanggang sa naging mariin ang mga halik. Hanggang sa kapwa nawalan na ng kontrol ang dalawa. Nagpatianod sa kapwa nararamdaman. Kilig na kilig si Paula.

Malalim na ang gabi at hindi na namalayan ni Paula na roon na siya nakatulog. Magkatabi sila ni Jenki. Nakayakap pa siya sa pusa. Naghikab si Paula kasabay ang paghihikab rin ni Jenki. Pagmulat ng kanilang mata y nagkatitigan sila. Gulat na gulat sila at sabay pa silang umatras sa isa t isa. Agad siyang bumalikwas. Napatayo siya sa kama. Kinapa ang sarili. Bigla siyang nahimasmasan. Pusa nga pala si Jenki at hindi tao bagama t lalaki ito. Walang kayang gawin ito sa kanya kundi ang kalmutin siya. Ipinilig niya ang ulo. Nitong mga huling araw, hindi na niya nakikita si Jenki bilang pusa. Parang tao kasi ang trato sa kanya ng lahat. At mismong si Jenki ay hindi na yata pusa ang tingin sa sarili. Kaya nakakaisip siya ng ganoon.

Dahan-dahan niyang binuksan ang pintuan ng silid. Sumilip siya sa labas. Walang tao sa salas. Nasa kusina ang amo at nagluluto ng pagkain. Wala itong kamalay-malay na nakatulog siya sa silid ni Jenki. Dahan-dahan siyang naglalakad. Nagtatakbo naman si Jenki palabas ng silid. Bumagsak ang isang pigurin na nabunggo nito. Nabasag ang pigurin.

Agad lumapit si Mrs. Shook.  What happened?

Panay ang yukod niya. Panay ang hingi ng sorry para hindi siya mapagalitan nito. Pinulot niya isa-isa ang basag na pigurin.

Nameywang ito.  Did you come from Jenki s room?

Hindi siya nakapagkaila.  Yes. I`m going to take him for a walk.

Y-you didn t sleep there?

Nagsinungaling siya.  No, no. I just passed by, you didn t notice.

Okay, I ll check. I will know if you re saying the truth.

Pumasok ito sa silid.

Lagot kang Paula ka. Buking! sabi pa niya sa sarili.

Buking dahil hindi niya nagawang patayin ang TV o ilipat man lang ng channel. Alam ng kanyang amo na walang ibang maglilipat ng channel kundi siya. Nagtatakbo si Paula patungo sa silid niya. Narinig na lamang niyang tinatawag siya ni Mrs. Shook at nagagalit ito. Isinara niya ang pinto. Bumungad sa paningin niya si Jenki. Nakaupo sa kama niya.

Ikaw talaga, pahamak ka kahit kailan. Malalagot ako kay Mrs. Shook dahil sa `yo.

Natigilan siya. Nag-isip siya kung paano makakaligtas sa galit ng amo. Agad niyang kinuha si Jenki. Nilagyan niya ito ng costume. Kinuha niya ang maliit na manipis na sleeveless niyang shirt na kulay pink na may design na mga bulaklak na yellow at red. Isinuot niya ang manggas sa dalawang front legs ni Jenki, itinali ang laylayan sa likod nito para maging fit. Nakita niya ang panty niyang thongs na pink, dali-dali niya itong kinuha. Inayos niya t inilagay sa ulo ni Jenki na parang naka-sumbrero ng bandana. Tinali niya ang strings nito para sumikip at mag-fit sa ulo ng pusa. Pagbukas ng pinto, nakita ng amo ang cute na hitsura ni Jenki.

Tuwang tuwang kinuha nito ang pusa.  Oh, my dear son... look at yourself.

Save by the bell siya. Nakahinga siya ng maluwag. Akala niya ay malilintikan na siya. Kung bakit ba kasi nakatulugan niya ang panunuod ng Korean nobela. Gusto niyang isisi ang lahat sa kanyang prince charming.

Pinakawalan niya sa labas ng bahay si Jenki. Para makagawa siya ng paraan na makalipat ito sa bahay nina Tom Lee Young. Excited siya. Inaabangan niya na may kumalabog sa bubong. Pero wala. Matagal. Nainip siya.

Nagpasya na si Paula na akyatin ang bubong nina Tom Lee Young para hanapin si Jenki. Wala si Jenki. Naglakad-lakad siya sa bubungan. Nakarinig siya ng malakas na tahol ng aso at ngiyaw ng pusa. Kinabahan siya. Nagtatakbo siya at hinanap ang pinagmulan ng ingay. Nakita niyang nakikipag-wrestling si Jenki sa isang malaking malaking aso, isang St.Bernard. Kagat- kagat ang leeg ni Jenki.

Napatili siya.  Naku po! Mapipisat ang alaga ko! Mas malaki pa sa akin ang aso!

Nagtatakbo siya para saklolohan si Jenki. Nadapa siya. Dire-diretsong nahulog si ya ng bubong. Pa-slide. Nahulog na naman siya sa bubungan ni Tom Lee Young. Wala ang lalaki. Walang sumalo sa kanya. Diretso siyang bumagsak sa bermuda grass.

Lumikha ng ingay ang pagbagsak ni Paula. Hindi siya napuruhan pero masakit ang k anyang balakang.  Aray ko! Masakit po! Diyos ko!

Masakit. Walang moment na nakakakilig ang eksena. Hindi tulad ng pagbagsak niya sa bisig ni Tom noon. Natigilan siya.

Nabulabog ang aso t pusa. Binitawan ng aso ang pagkagat nito sa leeg ni Jenki. Nak atingin sa kanya ang aso t pusa. Nalaman niyang naglalaro lamang pala ang dalawa.

Mga pusang ina kayo. Mga asong ama pa! Huhuhu!

Hindi naiintindihan ng dalawa ang pinagdadaanan niya. Muling naglaro ang dalawa. Na parang walang anuman. Bumukas ang pinto, bumulaga sa kanya ang isang babaeng napaka-sexy! Ang girlfriend ni Tom Lee Young, ang may-ari ng asong si Brutus.

Pinagtawanan siya ng babae, si Kai Shiek. Seductive and sexy ang suot nitong red tube top na hanging, kita ang pusod at black fitted Capri pants na two-inches b elow knee length. Maputi ito at balingkinitan ang katawan. Sosyal kumilos at muk hang mayaman. Lumabas si Tom Lee Young.

What are you doing there? Who are you?  tanong sa kanya ng babae.  Look at her honey. She fell from the roof. Pity her. Do you know her? So stupid of her to fall fro m your rooftop.  Diin pa nito.

Inis na inis siya sa sinabi ng babae sa kanya. Tiningnan niya si Jenki. Walang n aging reaksyon ito sa masamang sinabi sa kanya ni Kai. Hindi man lang siya ipina gtanggol nito. Kinuha niya si Jenki. Padabog na naglakad siya ng paika-ika.

Dinaanan niya sina Tom at Kai. Inirapan niya ang mga ito. Bago pa siya tuluyang makalayo, dahil sa inis ay lihim niyang kinurot ang puwet ni Tom.Ano pa ang maip agmamalaki ko sa kanya? Nasilipan ko na siya.

Natawa si Tom sa ginawa ni Paula. Napailing pa ang lalaki dahil sa ginawang kalo kohan ng dalaga. Nakalabas na siya ng gate at naiwanan ang dalawa.

Why are you laughing?  tanong ni Kai.

Hindi niya sinabi ang ginawa ni Paula. Umiling iling pa siya kay Kai.  Nothing.

Bumakas ang inis sa mukha ni Kai.  W-who s really that girl?

Just a neighbor.

Too bad she s very stupid. But she s pretty, huh.

Inakbayan niya si Kai.  Don`t mind her. Let`s go.

Sumakay sa kotse ang dalawa. At habang paika-ika na naglalakad pabalik ng bahay si Paula, karga si Jenki, dinaanan siya ng kotse ni Tom, sakay nito si Kai. Maga nda ang kotse. Brand new model na sports car ito, kulay silver, top down at conv ertible.

Mabangga sana kayo, mga singkit!  gigil na gigil na wika ni Paula.

Nagpapalahaw sa pag-iyak si Paula. Naglilitanya siya sa inis kay Tom. Nakaupo si Jenki sa kama habang palakad-lakad siya at diretso lang sa pag-e-emote.

Pinagtawanan ako ng maarteng babaeng `yun. Saksakan ng arte! Saksakin ko siya sa mata at ng makita niya ang hinahanap nya.

Pause. Tumingin pa siya sa bintana ng silid ni Jenki, tanaw ang bahay ni Tom.  At ang Tom na `yan, nakita na nga niyang nasaktan ako, nahulog na nga ako, nakangiti lang siya, para siyang nakakaloko. Akala ko, mabait siya. Gentleman. Hindi pala.

Muli niyang hinarap si Jenki.  Porke t may kasama siyang maarteng babae e ni hindi man lang niya ako tinulungan kahit makatayo. Samantalang dati, sinalo pa niya ako. Kaya nagka-crush tuloy ako sa kanya. Hindi ko naman siya talaga crush. Hindi naman siya sikat. Akala mo kung sino siyang gwapo. I hate him! I really, really hate him! Hinding- hindi ko siya mapapatawad dahil sa ginawa niya sa akin.

Nakatingin ang pusa na animo y nakikinig sa kanya.

Hinarap niya si Jenki,  At ikaw na pusa ka, kasalanan mo na naman ang lahat ng ito. Malay ko bang nakikipagharutan ka lang sa asong `yun. Kung alam ko lang, sinulsulan ko na sana ang asong `yun na lapain ka.

Panay ang pahid ng luha ni Paula. Wala sa loob niyang bubuksan ni Jenki ang TV. Inilagay pa nito sa station na may Korean telenovela. Natigilan siya sa pag-iyak. Napatingin siya kay Jenki. Parang alam nito ang pinagdadaanan niya kaya t inaalo siya nito.

Kinarga niya si Jenki.  May silbi ka na sa akin, ha? Alam mo kung paano palulubagin ang kalooban ko.  Maamo na ang pusa. Parang naiintindihan na nito na magkaibigan na sila.

Weekends, dumating si Mrs. Shook kasama ang asawa at ang anak na si Chimci.

You cook your specialty,  utos sa kanya ni Mrs. Shook.  My husband want to taste your specialty, I told him you cook very well.

Hindi makapag-react si Paula. Pinagluluto siya ng espesyal na pagkain. Hindi niya alam kung paano ang gagawin niya. Tiyak na mapapalayas siya sakaling malaman na cat food ang lahok ng niluto niyang tenga ng daga.

Nagluto siya ng tenga ng daga na ang halo ay Korean barbeque. Pilit niyang pinasarap iyon para hindi makahalata ang kanyang among babae na may pagbabago sa luto niya.

Tinikman ni Mrs. Shook ang luto niya pero hindi ito nasarapan.  This is not your specialty. Cook like that. I want the one before.

This one is much, much special. It tastes better than before.  paliwanag pa niya.

No, no. This is not good. I don``t like this taste. You cook like before.  Mataas na ang boses ni Mrs. Shook.

Nainis si Paula. Siya na nga ang may concern at ayaw niyang pakainin ang mga ito ng pagkain ng pusa, napagalitan pa siya. Hinahanap ang dating lasa ng niluto niya.

Repeat your cooking! My husband must taste your specialty food!

Wala siyang choice kundi ang magluto ng tenga ng daga na ang halo ay pagkain ng pusa!

Binabasa niyang mabuti ang content de latang cat food. Sinugurado niyang walang kahit anong lason na maaaring makamatay sa amo niya. Panay pa ang sign of the cross niya. Muntik na siyang mapatili ng nilapitan siya ng among lalaki.

You re a very good cook. I like the taste!

Gusto niyang lumubog sa kintatayuan dahil sa guilt feelings na nararamdaman. Anak ng pusa talaga ang mga ito. Papatayin pa ata siya sa sakit sa puso at pangungunsensiya.

Naninilip si Paula sa kabilang bahay. Mula sa siwang ng bintana ay makikita ang loob ng banyo ni Tom Lee Young. Sa tulong ni Jenki na kunwa y sinusundan niya, nakapasok siya sa bakuran ni Tom.

Umakyat ito ng bakod. Nagkataon na nasilip niya ang bintana ng banyo. Sumilip siya at binggo, naliligo si Tom. Naka-side view ito. Excited na pinanood niya ang paliligo nito.

Nakita niya ang hubad na katawan ni Tom. Macho. Pero sa pwesto niya, hindi niya napagmasdan ang buong katawan nito. Bandang itaas lang. Naglakad si Tom. Luminaw ang anggulo. Bigla niyang tinakpan ang mga mata. At dahan-dahan din niyang ibinuka ang daliri para makita ang kabuuan ni Tom. Biglang lumitaw ang buntot ni Jenki. Kumakawag. Nahulog ito sa bubong. Nakakapit lang ang dalawang kamay ni Jenki sa bubong. Nawalan siya ng balanse. Nahulog siya. Mabuti na lamang at may kahoy siyang nakapitan. Nakaligtas siya sa pagkakahulog sa loob ng bakuran ni Tom. Pilit inaabot ng mga paa niya ang bakod na pwedeng tapakan. Biglang bumagsak sa mukha niya si Jenki. Nakakapit din ito sa kahoy na kinakapitan niya pero ang mga paa nito ay panay ang kawag sa mukha niya. Pulos kalmot na ang mukha niya. Mabuti na lang at kinukuhan niya ang pusa kaya hindi masyadong matalas ang kuko nito at mababaw lang ang mga kalmot. Hindi siya makareklamo. Hindi siya makasigaw. Mabubuking siya. Pilit umaahon ang pusa sa pamamagitan ng mukha niya. Hindi na siya nakapagpigil. Napasigaw siya.

Nakatawang tinitingnan sila ni Tom Lee Young.

Nahuli siya. Eto na naman siya. Mahuhulog na naman siya.

Nakabitaw na siya. Napatili siya ng malakas.

Eeeeeeeehhhhhh!!!!

Muli siyang sinalo ni Tom Lee Young. Bumagsak din sa mukha niya si Jenki. Lalong nadagdagan ang kalmot sa mukha niya.

Pulos band-aid ang mukha ni Paula dahil sa kalmot ng pusa. Sinisisi na naman niya si Jenki.

Pahamak ka kahit kailan. Hinding- hindi na ako magugustuhan ni Tom. Ang type niya ng babae ay mahinhin. Pero nabuking niyang sinisilipan ko siya. Ano pa ang maipa gmamalaki ko sa kanya? Nasilipan ko na siya.

Natigilan siya sa sariling statement. Parang baligtad. Dapat nga, mas may maipagm alaki na ako sa kanya dahil nakita ko na.

Nag-imagine si Paula. Ang macho ng katawan niya. Hay, ang macho-macho niya.

May nag-door bell. Nagulat pa ng bahagya si Paula. Sino bang istorbo ito?

Si Tom ang nasa labas ng pinto. Bigla niya itong napagsarhan. Kinabahan siya. Tu top ang dibdib. Bakit siya pinuntahan? Liligawan na ba siya? Magtatapat na ng pa g-ibig? May dala kayang bulaklak para sa kanya? Dahan-dahan, muli niyang binuksa n ang pinto. Sinilip. Tiniyak kung may katotohanan ang kaba niya. Kinapa niya an g mukha. Pulos band aid. Kahit masakit, inisa-isa niyang alisin ang mga ito.

Aray! Aray! Tiniis niya ang sakit. Hindi na baleng sugat-sugatan ang mukha niya. H uwag lang siyang mukhang binalot na zombie dahil sa band-aid.

Tumambad sa paningin niya si Kai.

Natigilan siya. Kanina si Tom. Ngayon si Kai. Namali-mata lang ba siya? Si Tom n aging si Kai? Binuksan niya nang todo ang pinto. Naroon din si Tom. Nasa likuran .

What do you want? Mrs. Shook said not to let strangers come in the house.

Mrs. Shook knows that we are coming. Sabi pa ni Kai.

Inis na inis si Paula kay Kai. Gusto niya itong sabunutan. Para itong kontrabida sa mga Korea nobela na pinapanood niya. Why? What do you need?

We will get Jenki for a telenobela series.

Nabigla siya. Magiging artista si Jenki? Aba, talo pa talaga siya ng pusang ito kung swerte ang pag-uusapan. I`ll talk to Mrs. Shook first. She needs to know thi s first.

We already talked. Here is the contract she signed. We came by to get Jenki.

Tiningnan niya ang kontrata. I don t undertand what the contract says. It`s Korean.

It`s not my problem. I will get Jenki ,he has a shooting today, Deklara ni Kai.

Over my dead body! Wala akong tiwala sa hilatsa ng pagmumukha mo!

Hindi naintindihan ni Kai ang ibig sabihin ng sinabi niya. Pero may namumuo ng t ensyon sa pagitan ng dalawang babae. Namagitan na si Tom.

It`s okey, Kai. We will return as soon as Mrs. Shook arrives.

No, I want to get Jenki now, for the shooting. I will not be intimidated by this maid!

Nag-ring ang phone. Nasa kabilang linya ang amo niya. Inuutusan siyang sumama sa shooting dahil gagawing artista si Jenki.

Nagbalik siya kina Tom at Kai. Jenki needs me to take care of him. Mrs. Shook sai d I will be in the telenobela also.

It is not in the contract,  pagtutol ni Kai.

If you don t want, then don't. You will not get Jenki.

Muling namagitan si Tom,  All right. No problem. I will suggest that to the direct
or.

Tuwang-tuwa si Paula. Magiging artista na siya! Tagapag-alaga ng pusa!ou`re beau
tiful, Paula. I like you and I want you to know that.

Makapal ang make-up ni Paula.
Kinapalan talaga niya ang lagay ng foundation para hindi mahalata ang mga bakas
ng kalmot ni Jenki. Kailangang magmukha siyang flawless sa harap ng camera. Mayr
oon ba namang artistang puro peklat? Nasabi niya sa sarili. Nakaharap pa siya sa
isang full length mirror suot ang pinakamaganda niyang baby pink na blouse na m
ay isang malaking bulaklak na disenyo sa gitna at ang bago niyang white Capri pa
nts.

At last, matutupad na rin ang pangarap niya. Hindi na siya tagapanood ng TV kund
i siya na ang mapapanood sa TV. Kuntodo naka-costume rin si Jenki. Isinuot niya
rito ang tinahi niyang T-shirt na maliit na may nakasulat na I Love This Cat. My
maliit na cap ito na isinuot niya sa ulo ng pusa. Nasa harap sila ng sasakyan n
i Tom, magkasama sila patungo sa shooting.

Nakangiti si Tom habang nagmamaneho. Halata rin niya sa mukha nito ang excitemen
t na kasama sila patungo sa location shooting.  You feel nervous?  usisa pa nito.

Not really. I`m excited.

Mahabang travel din ang ginugol nila. Maganda ang paligid. Naroon pa rin ang mga
makulay na bulaklak at magagandang halaman sa gilid ng kalsada ng highway. End
of May na noon at malapit na ang summer.

Tinapik-tapik pa nito ang ulo ni Jenki.

He`s a star now.  Para namang nakaintindi ang pusa at nagbigay ito ng malakas na  Ngi
yaaaw  bilang pagtugon sa sinabi niya.

Huminto ang kotse sa tapat ng location shooting. Maraming mga malalaking OB van
na nakaparada. Mga malalakas na spotlights sa mismong location kung nasaan ang d
irector at mga artista. Marami ring mga staff and crew na nangakasuot ng itim an
g paroo t parito.

Sa tabi ng director, nakita agad niya si Brutus, ang aso ni Kai. Nakaramdam siya
ng inis. Ibig sabihin, naroon din ang babaeng kontrabida. Bumaba sila ng kotse.
Deadma siya. E, ano kung nandoon si Kai? Basta siya, sikat na siya. Feeling sik
at na talaga. Taas-noo siyang naglakad kasama si Jenki na nakaangat din ang mukh
a.

May lumapit na production assistant sa kanya para kunin si Jenki.  Wait,  pagtutol n
iya.

He will shoot his scene. We will groom him first,  sabi pa nito.

Humugot ng malalim na buntunghininga si Paula. Nagtaas ng kilay at sininghalan a
ng lumapit.

He is already well-groomed! Can t you see? His hair is well brushed and his nails are trimmed! Can t you see? Wala ka bang mga mata?  asik na sagot ni Paula.  Akala yata ng mga ito hindi ako marunong mag-groom ng pusa.

Muli niyang hinarap ang kausap.  Why? Are you going to put make-up pa ba? He is a boy, lalaki `yan. For your information.

Bubulung-bulong si Paula.  Aba, at gusto pa ata nitong gawing bading ang alaga ko, ah.

Gumagawa na sila ng eksena. Nagsisimula nang magtinginan ang mga tao sa paligid nila.

Inawat ni Tom ang ginagawa niyang pagtataray sa PA.  It`s okey. They will just dress him according to the script. They will not do anything else to Jenki.

Dahil si Tom ang nag-explain, ibinigay na rin ni Paula si Jenki sa PA.

Ready for take!  sigaw ng isang lalaki.

Ipinagpilitan ni Paula na dapat ay kasama siya sa eksena.  All right, no problem.

Akting na akting siya. Pangiti-ngiti lang na nanonood ng take si Kai. Nahuli niyang iniirapan siya nito.

Inabot ng gabi ang shooting. Nakatulog sa sasakyan ni Tom si Paula dahil sa pagod. Bahagyang nakanganga ito at naghihilik pa. Manaka-nakang nagugulat pa ang natutulog ding si Jenki na yakap-yakap niya.

Lihim na natatawa si Tom sa hitsura ng dalawa. There s this certain fondness he sees in Paula. He can t define what s that fondness is all about. But he is sure he enjoys looking at her. He enjoys those cute gestures of Paula. A little childish, but certainly adorable. Magaan ang loob ni Tom sa kanya. Kakaiba siya. Napaka-totoo niyang tao. Napaka-transparent. Nakikita nito kung ano ang tunay na nararamdaman niya, pag nagpapakyut siya rito o nagseselos o nagagalit. Wala itong anumang projections. What he sees is what he gets.

Hindi na namalayan ni Paula na huminto na ang kotse ni Tom sa harapan ng bahay ng mga Shook. Wala siyang kamalay-malay na pinagmamasdan ni Tom ang mukha niya. Hinaplos pa nito ang mukha niya. Tanging si Jenki lang ang nakakita nang magising ito.

Tinapik nito sa ulo si Jenki.  You are both cute.  Inutusan nito ang pusa.  Go inside.

Sumunod naman ang pusa sa utos niya. Hindi na namalayan ni Paula na kinuha ni Tom ang susi ng bahay ng mga Shook sa bulsa niya. Malalim ang bulsa, pero nagawa pa ring abutin iyon ni Tom. Pinagmasdan ulit siya nito at may kakaibang naramdaman si Tom. Binuhat siya nito para dalhin patungo sa bahay.

Habang pangko nito si Paula, suddenly, Tom felt conscious with just touching her soft skin. He wanted more of her touch. Natawa ito at napailing sa isiping iyon. Inilapit nito ang mukha sa pisngi ng natutulog na si Paula, wala pa rin itong kamalay-malay, his face is just a string of hair from her. He can already smell the sweet scent of her body close to him, which makes his imagination, run wild. That moment makes him more than interested in her. Lalo itong nakadama ng paghahangad na mapalapit sa dalaga.

Nabuksan niya ang pinto. Nauna pang pumasok ng bahay si Jenki. Pasulyap-sulyap pa ito kung nakasunod si Tom habang pangko si Paula. Nang makitang nakabuntot ito y nagtatakbong pumasok na sa silid nito.

Tumalon si Jenki sa kama, panay ang wagwag ng buntot nito at pagngiyaw. Habang hinihintay sina Tom at Paula na pumasok.

You sleep here together?

Isang ngiyaw lang ang itinugon ni Jenki.

Inihiga siya ni Tom sa kama ni Jenki. Tulog na tulog pa rin si Paula. Walang kamalay-malay sa lahat ng nangyari. Bumiling pa siya. Nakangiti. Parang nananaginip. Isang napakagandang panaginip.

Nag-ring ang alarm clock. Balikwas nang bangon si Paula. Noon lang niya namalayang nasa silid siya ni Jenki.

Jenki?  Nagpalinga-linga siya. Wala na ang pusa sa loob ng silid. Dali-dali siyang lumabas para hanapin ang pusa.

Jenki!  Nakita niya sa salas si Jenki. Maraming tao. Pinagkakaguluhan ang pusa. May pictorial. Inawat niya ang mga photographer.

How did you enter? No one asked permission to get his pictorials today?

We we re with Ms. Kai. She was the one who gave us the permission to go here.  Pagpapaliwanag ng isang lalaking may hawak na camera.

Tiningnan niya ang paligid ng salas. Nagmukha itong photo studio, may mga spotlights, tela na background at sangkatutak na wardrobe na naka-hanger para kay Jenki.

Parang sasabog ang utak niya sa init ng ulo. Sandaling inisip kung ano ang ikinagagalit niya. Una, she woke up on the wrong side of the bed. O mas tama yatang, she woke up on the wrong bed! Nang hindi niya nauunawaan kung paano siyang napunta sa kama ng alaga. Pangalawa, ikinabigla niyang maraming taong nakapasok sa salas nila. Na kabilin-bilin ng amo ay huwag magpapasok ng taong hindi kakilala. Pangatlo, nagulo ang mga mamahaling kasangkapan ng mga Shook. Tiyak na siya ang mapapagalitan kung sakaling may mawala sa mga pigurin nito, kasangkapan o may mabasag kaya. Siguradong sisante ang aabutin niya. She can t afford na masisante, ngayon pang artista na rin siya. At pang-apat, siya ang maglilinis ng lahat ng kalat at mag-aayos ng mga gamit.

Si Kai na naman. Ang bruhang `yon. Akala niya, may powers siya kay Jenki, ha?

Dumating si Tom.  Hi, you re awake.

Isinoli nito ang susi ng bahay.  I opened the door for them. I didn t bother to wake you up when I saw you still sleeping and snoring.  Ini-emphasize pa nito ang huling salitang sinabi. Bahagya pa itong tumawa at nagpa-cute sa harapan niya. Kinindatan pa siya nito at ginawaran ng mapang-inis na ngiti pero napakatamis.

Aba, ang lokong ito at pinanuod pa ata ang paghihilik ko! Sa isip-isip niya.

I saw Jenki just playing around that s why we started the pictorials.

Bigla na lamang umiyak ang ina.  A-anak, anong nangyayari sa`yo? Umuwi ka na rito sa Pilipinas, ipagagamot kita.

`Nay naman. Totoo lahat ang sinasabi ko. Hindi ako nababaliw. Kahit kausapin niyo pa si Mrs. Shook. Siya ang makapagpapatunay na artista na ako. Siya ang manager namin.

D-Diyos ko. Baka kung ano na ang nangyayari sa yo riyan, Paula. Umuwi ka na. Kung w ala kang pamasahe, padadalhan kita.  Hindi pa rin makapaniwalang tugon ng ina sa k anya.

Nakakainis ka naman, `nay. Ayaw niyong maniwala sa swerteng inabot ko rito dahil sa pusa. Tama ka,  Nay, swerte nga ang pusa sa akin.

Hindi niya alam na abut-abot ang pagsisisi ng ina kung bakit napayag-payagan pa siya nitong magpunta ng Korea. Nababaliw na raw siya!

Excited na pinanood nina Paula at ng mga amo niya ang soap opera. Nasa silid sil a ng ama at pinayagan sila ni Jenki na roon makinood.

W-where are you?  Hanap sa kanya ng among lalaki.

In a short while, you will see me. There! There is Jenki! He is walking na. My sc ene will follow,  tuwang-tuwa wika ni Paula.

Lumabas na nga si Paula. Nakatalikod. Naglalakad. Kasunod ng pusa na naglalakad din. Ipinakita sa TV ang likod at kamay niya.  Yun lang ang nakita sa tv.

Oh, I thought you are now an actress? All I can see is your back and hands.  Tuwang -tuwang pambubuska sa kanya ng among lalaki.

Sumimangot si Paula.  Okey lang. At least, ako `yun.  Sabi pa ni Paula sa sarili.  Kay o nga, kahit kuko niyo hindi nakukunan ng kamera.  Bubulung-bulong pa siya. Kahit ano pa ang sabihin sa kanya, artista na siya. Artista na ang mga kamay at likod niya!

Naiinis na lumabas ng bahay si Paula. Naglakad-lakad siya sa labas ng bahay. Una ng pagkakataong namasyal siya ng gabi ng wala si Jenki.

Nagpunta siya sa hindi kalayuang park na malapit sa bahay nina Mrs. Shook. Maliw anag doon. Nakakita siya ng swing. Umupo siya roon. Pinagmasdan ang paligid. Ang gabi. Malamig ang gabi. Maraming bituin na nagkikislapan sa bituin,

Hello.  Nasa likuran niya si Tom.

What are you doing here?  usisa nito sa kanya.

Smelling the fresh air. How about you?  Tumabi ito sa kanya at nag-swing din.

You`re beautiful, Paula. I like you and I want you to know that.  Walang kaabug-abo g ay hinalikan siya ng lalaki sa pisngi. Pakiramdam niya`y nananaginip siya. Tum ayo si Tom. Naglakad palayo matapos siyang halikan nito.

Natatanaw pa niyang naglalakad nang palayo si Tom, maganda itong lumakad. Lalo s iyang nanggigil ng tumama ang tingin niya sa puwet nitong kinurot niya.
No,Tom. You are not the man who will dump me."

May TV guesting si Jenki at kasama na naman si Paula. Siya ang sumasagot sa tano
ng at may interpreter siya. Nag-guest sila sa talk show na Everybody Knows.

Nakaupo sila sa isang mahabang couch. Yakap-yakap niya si Jenki. Nakasuot ito ng
jersey na pang basketball at may cap pa na maliit. Katabi niya ang kanyang inte
rpreter. One-on-one interview ito tungkol kay Jenki. Kung ano ang mga hilig gawi
n nito, paano ito inaalagaan, ano ang paboritong kainin at iba pang tungkol sa k
anyang alaga.

Nasa kalagitnaan sila ng interview at kasalukuyang sumasagot siya nang lumundag
si Jenki sa labas ng set ng Everybody knows. Nagulat ang lahat maging ang host n
g show, pati na ang audience nang nilundagan sila ni Jenki. Walang pasintabing n
agmamadaling hinabol ni Paula si Jenki. Nilundagan din niya ang babae sa audienc
e na nilundagan ni Jenki. Tumalon ito sa gilid at tumakbo sa sahig na animo y may
hinahabol. Napasadsad din siya sa sahig sa kakahabol sa alaga. Nagpaikut-ikot si
la sa buong studio. Nang hindi niya ito naabutan ay kumaripas pa rin siya ng tak
bo.Nakita niya ito sa sulok na malapit sa stage. Nakita niyang may nakalawit na
buntot ng daga sa bibig nito.

Hingal na hingal siya. Hindi na niya naalala na nasa kalagitnaan sila ng live in
terview. Nagulat na lamang siya nang magpalakpakan ang lahat ng tao sa paligid n
iya. Maging ang host ay tuwang-tuwa sa kanya. Inakala ng lahat na iyon ay isang
munting palabas. Nagmala-reality TV show ang dating ng ginawa nila ni Jenki. Pul
ang-pula ang mukha niya sa kahihiyan nang bumalik siya sa kinauupuan yakap si Je
nki.

Inihatid na sila sa bahay ng driver ng network na nag-guest sa kanila. Pinagagal
itan niya si Jenki.  Kahit kailan, pahamak ka. Lagi mo akong inilalagay sa alangan
in. Big break ko na sana `yon. Pwede na akong mapansin ng mga direktor o produce
r.

Nang huminto ang kotse sa tapat ng bahay ng mga Shook, nakita niyang nakaparada
ang kotse ni Kai sa harapan ng bahay ni Tom. Nainis siya. Nakaramdam ng matindin
g selos.

Dahan-dahan siyang naglakad palapit sa bahay ni Tom. Sumilip siya. Nanlaki ang m
ata niya. Kitang-kita niyang naghahalikan sina Tom at Kai. Hindi niya inaasahan
ang makikita. Nagmamadali siyang umalis. Napahiya siya sa nasaksihan. Ayaw niyan
g makita siya ni Tom. Ayaw niyang malaman nito na naroon siya.

Nasaktan siya. Bigla niyang naramdaman na wala siyang karapatan kay Tom. Kahit m
unti mang karapatan. Matamlay siyang naglakad patungo sa bahay ng mga Shook bitb
it si Jenki. Nanlulumo ang pakiramdam niya. Parang bumagsak ang kanyang puso.

What does this mean, Tom?  maang na tanong ni Kai sa kanya nang itulak niya ito pal
ayo.

You already know from the start, that I don t have feelings for you. Let s end this f
oolishness. We are not happy. I am not happy anymore,  paliwanag ni Tom.

You know I will not give up that easily, Tom. I invested too much for you.

Y-you just used me. Let me go, Kai.
Umiling si Kai.  No. Tom. You are not the man who will dump me. You still need me.
You can`t survive without me. What s the matter with you? What s all this fuss?

Hindi nakasagot si Tom.

Don t you dare let me know that there s another woman involved. You know what I can d
o, Tom,  pagbabanta pa nito. Totoong kayang-kaya siyang sirain nito. Magaling si K
ai sa character assassination. Maimpluwensya ito sa media. Alam nito ang kilos s
a showbiz.

Have you forgotten what I did to Jin Hung? He s nothing now.  Ex-boyfriend nito si Ji
n Hung. Matapos makipag-break ang lalaki rito, tuluyan na itong nawala sa limeli
ght. At si Kai ang may kagagawan.

Black mail. Nanlulumo si Tom. Hawak pa rin siya sa leeg ng babaeng hindi niya ma
hal.

Pinapanood ng direktor na si Kim Shung Kan ang nangyari sa TV guesting nina Paul
a at Jenki. Natatawa ito. Paulit-ulit. Close-up shot kay Paula.

She`s very pretty.  Tukoy nito kay Paula.

Sinusugan ito ng kasamang lalaki na nasa TV editing.  And very funny.

May tumawag sa phone. Kumpirmadong napakataas ng rating ng TV guesting nina Paul
a at Jenki.

Ipinapasyal ni Paula si Jenki sa labas ng bahay ng dumating ang kotse ng amo niy
a. Bumaba ito ng sasakyan at tuwang-tuwang lumapit sa kanya. May hawak itong pap
el, kontrata raw iyon. Ito kasi ang tumatayang manager niya.

What?  Hindi niya maintindihan masyado ang sinasabi nito.

You are offered to appear in a comedy show with Jenki.

Bumaba rin sa sasakyan ang direktor na si Kim Shung Kan. Ipinakilala siya ni Mrs
. Shook sa direktor. Gwapo ito. Nasa-mid 30 s lang. Nakasalamin. Interesadung-inte
resado ito sa kanya.

You`re very pretty in person.

Thanks.  Matipid na tugon niya.

Let s go inside. Let s talk about the contract. Come inside. Come,  excited na wika ni
Mrs. Shook.

Naging sunud-sunuran si Paula. Karga pa rin niya si Jenki. Ipinaliwanag sa kanya
ang comedy show na pagbibidahan nila ni Jenki. Ang titulo ng comedy show ay Pau
la Meets Jenki.

The show will be very interesting. It s very appealing to all kind of audience,  pali
wanag pa ni Kim.

Tatangu-tango lang siya.

Samantang hindi nawawala ang matinding tuwa ng kanyang amo dahil nagtuluy-tuloy
raw ang swerte ng dalawa sa pag-aartista.  You are now really an actress.

Hindi makapaniwala si Paula sa nangyayari. Totoo na ito. Hindi na siya basta ext
ra. Hindi na basta kamay at likod lang niya ang makukunan ng kamera.

I will think about it,  wala sa loob na sinabi ni Paula.

What? This is your big break. No more second thoughts,  paliwanag pa ni Mrs. Shook.

Hinarap niya ang direktor.  I`ll think about it. You can come back here some other time.

Tumangu-tango lang ito bilang tanda ng pagsang-ayon sa sinabi niya.

Tumayo na siya.  If you`ll excuse me.

Tumayo rin si Kim. Yumukod ito bilang pagrespeto sa kanya.

Ipinasok na niya si Jenki sa loob. Nagtaka ang amo niya kung bakit parang hindi siya masaya. O tutol siya.

Kinumbinsi siya ni Mrs. Shook. Ipinaliwanag sa kanya kung ano ang magiging pribi lehiyo niya sakaling sumikat doon.

You will get dual citizenship and you can live here. Life here in Seoul is beauti ful. Don t you like it? You will not just take care of Jenki anymore. We will get another nanny for Jenki.

Umiling siya. Ayaw niya.  No. Eventhough we are both celebrities now, I will still take care of him.

Natuwa si Mrs. Shook sa sinabi niya.  All right. But at least, we can get someone to help you both. I will call in the Philippines. Ask your mother who can be of help to you.

Natigilan si Paula. Halata sa tinig niya ang pagdaramdam.  T-They don t believe that I am an actress now.

Nag-ring ang phone. Hindi pa man lang natatapos ang sasabihin niya ay tumawag na ang nanay niya. Nasa kabilang linya ito at tuwang-tuwa.

Anak, sikat na sikat ka na rito sa Pilipinas.

H-ha?  Natitigilang tugon ni Paula.

Napanood namin sa show na Kwentong Kyut ang TV guesting niyo ng alaga mo.

Wala siyang kamalay-malay na ipinalalabas pala sa Pilipinas ang TV guesting nila n i Jenki. Hindi magkamayaw ang ina sa pagkukwento sa kanya.  Naku, maniwala ka! Sik at na sikat ka rito sa Pilipinas, anak! Tuwang-tuwa ang buong barangay ng mapano od ka namin!

Wala siyang naramdamang kasiyahan. Naninibago kasi siya. Hindi siya sanay na pin upuri o pine-praise ng sinuman. Nasanay siyang nilalait-lait. Ngayong nakararana s na siya ng tagumpay, siya mismo ay hindi malaman kung paano ia-appreciate ang totoong swerteng dumating sa kanya.

Hindi natapos ang pag-e-emote ni Paula hanggang nag-iisa na siya sa kanyang sili d. Hindi siya makatulog kaagad. Iniisip niya si Tom. Totoong nasasaktan siya sa tuwing maglalaro sa isipan niya ang eksenang nasaksihan niya kina Tom at Kai. Na walan siya ng gana. Nawalan siya ng inspirasyon. Umangat ang pinto ng kanyang si lid. Sumungaw si Jenki at pumasok ito.

Ano'ng ginagawa mo rito?  Umakyat ito sa kama niya.

Hindi ka pwedeng matulog dito. Magagalit si Mrs. Shook.  Ayaw lumabas ni Jenki sa s ilid niya. Gusto siyang kasama nito. Gustong matulog na magkatabi sila.

Napangiti siya.  Ikaw talaga.  Hinaplus-haplos pa niya ang ulo ng pusa.

Anuman ang pinagdaanan nila ni Jenki, alam niyang mahal na siya nito, at mahal na rin niya ito.

Lumipas ang dalawang Linggo. Pinaliliguan ni Paula si Jenki sa sarili nitong toilet. Nakasampa ito sa table na naroroon. Hawak niya ang isang basang towel, pinupunasan niya ang alaga sa buong katawan nito pati sa tiyan. Pagkatapos ay sinuklayan niya ito ng buhok gamit ang isang cat brush. Kumuha siya ng pantali at ribbon. Itinali niya ng dalawa ang mahabang balahibo nito na nakatakip sa mga mata nito. At nilagyan pa niya ng dalawang ribbon. Hindi naman halatang lalaki ito. Naisip niyang mas mabuti nang maayos ang pag-groom kay Jenki dahil artista ito.

Isinuot niya ang damit na ginawa niya para sa alaga. Iyong damit na pinasuot niya rito noong muntik na siyang mabuko ni Mrs. Shook na natulog siya sa kwarto ni Jenki. Ni-repair niya iyon at tinahing hustung-husto sa katawan ni Jenki.

Dumating ang direktor na si Kim. Pinakiharapan niya ito sa salas ng bahay.

I guessed, you have decided.

Ngiti lang ang itinugon niya.

I was thinking, maybe this will help you motivate to accept our offer.  Inabot sa kanya ni Kim ang isang magazine. Cover sila ni Jenki.

This magazine is selling like hotcakes. It is because of the two of you. That s why I believe that your team up with Jenki will be a success. I hope you will now accept the show. I believe you can bring up the ratings of the show.

Binuklat niya ang magazine. Nakita niya ang mga larawan nila. Ang mga cute nilang posing ni Jenki sa salas nila. Hindi halatang sa loob lamang ng bahay ginawa ang pictorials. Iba t ibang anggulo ang kuha nila, may close-up at long shot. Hindi na kamay at likod lang ang nakita sa kanya, buong katawan. Siyang-siya iyon, hindi maitatatwa.

Maganda ang nakasulat sa column. Napangiti siya kay Jenki.  Sikat na sikat na tayo.

I guess we can now talk about the contract.  Hindi nawawala ang ngiti nito sa labi.

Sasagot na sana siya. Sasabihin na sana niyang, sige na nga! Mapilit ka eh!

Bigla na lang bumukas ang pinto ng salas at bumulaga si Mrs. Shook. Hindi natapos doon ang sorpresa. Bumulaga sa haraparan niya ang Kuya Reycards niya. At si Belle! Hindi ko na lang din nagawang tanggihan dahil dumating ito na parang swerte sa buhay ko.

Malakas na tili ang pinakawalan nina Paula at Belle sa muli nilang pagkikita.

Friend, sikat ka na! Sikat ka na!  naglululundag ito sa katuwaan.

Ano'ng ginagawa mo rito?

Ako ang magiging PA mo rito.

Tinotoo pala ni Mrs. Shook ang sinabi nitong pagkuha ng PA sa Pilipinas.

Akalain mo `yon, Girl. Grabe ang swerteng dumating sa yo.

Nakita ni Belle ang pusa.  Ito ba ang mahiwagang pusa? I mean, ang maswerteng pusa.

Kinuha nito si Jenki. Pinanggigilan.  Ang swerte mong pusa ka!

Nag-ehem ang Kuya Reycards niya.

K-kuya...

Nilapitan siya nito.  Sis, kumusta ka na?

Mabuti.

Galit ka pa ba sa sister mo?

Natawa siya sa sinabi nito.  Mabuti at pinayagan ka ni Nanay.

Bakit naman hindi? E, ang one and only daughter niya ang pupuntahan ko rito.

Paano na ang karinderya?

Nandoon naman si Tatay. Para hindi na siya magsabong o mag-tong-its, siya na ngayon ang bantay. Pinakukumusta ka na ni Kuya Rico. Nami-miss na raw niya ang mga luto mo.

Niyakap siya ng kuya Reycards niya. Niyakap niya rin ito. Na-miss din niya ito. Kahit magkaaway sila noong nasa Pilipinas pa siya, naniniwala siya sa kasabihang blood is thicker than water.

Okey, alls well that ends well. Wala ng problema.  Sabi pa ni Belle.

Signing of the contract!  singit ni Mrs. Shook.

Nagtawanan ang lahat.

First shooting day at naka-on location sila. Hindi inaasahan ni Paula ang madaming tao na nag-aabang sa kanya. Nagtilian ang mga ito nang makita siya. Pati si Jenki ay tinilian ng mga ito. Tuwang-tuwa sa kanilang dalawa ni Jenki ang mga tao.

Panay naman ang project at kaway ni Belle. Bitbit nito ang make-up kit niya. Gayundin ang Kuya Reycards niya na may dala namang mga damit at costume nila ni Jenki.

Sis, anong pakiramdam ng sikat?  tanong sa kanya ni Reycards habang ito ang kumakaway sa mga fans ni Paula.

Ano ka ba, Kuya? Hindi pa ako sikat `no? First day of shooting pa lang ngayon.

`Yun na nga, Sis! First day of shooting pa lang, pinagkakaguluhan ka na. What more kung naipalabas na ang show ninyo ng mahiwagang pusa?

Natawa siya. Consistent talaga ang kapatid niya at si Belle sa pagtawag kay Jenki bilang mahiwagang pusa.

Huwag mo namang tawaging mahiwagang pusa ang alaga ko.  Hinaplus-haplos pa niya ang

ulo ni Jenki.

Powerful, eh. Akalain mong sumikat kayo dahil sa kanya.

Ngumiyaw pa ito. Nagpa-cute.

Powerful nga, marunong magpa-cute, eh,  wika ni Paula.

Nagtawanan ang magkapatid.

Dumating si Tom sa set. Dinalaw silang dalawa ni Jenki. In-entertain niya ito.

How does it feel being a star here in Korea?  usisa sa kanya ni Tom.

It`s okey. Koreans are nice. I didn t have a hard time dealing with them. Especiall y now that I have my brother and bestfriend here with me. I am really enjoying t he place because I have company.

Do you have any plans to settle down here?

I have a family in Manila. They are the reason why I am working here in Seoul.

I`m looking forward to meet them,  seryosong pahayag ni Tom.

Napangiti lang si Paula. Hindi niya kinagat ang pahayag na  yon ni Tom. Hindi na n iya gustong maniwala sa mga ipinakikikita nitong kabutihan sa kanya. Ayaw na niyan g umasa uli.

If there s a chance I want to come home with you to Manila.

May kumuha ng larawan sa kanilang dalawa.

Nagpaalam na si Tom. Hindi niya ito maintindihan. Parang may gusto ito sa kanya na parang wala naman. May mga gesture ito na nagpapahiwatig ng interes sa kanya. Kung paniniwalaan niya ang ipinakikita nito, iisipin niyang gusto rin siya ng l alaki. Pero hindi iyon ang totoo. Pantasya lamang ang lahat. May girlfriend ito at hindi niya makakalimutan ang eksenang nasaksihan ng dalawang mata niya.

Nilapitan siya ng Kuya Reycards niya.  Sino `yun?

Si Tom Lee Young,  tugon niya.

Hindi ba artista `yun?  usisa pa nito.

Oo, napapalabas din sa Pilipinas ang mga soap opera niya. Second lead lang siya n oon pero ngayon, nagbibida na rin siya.

Gwapo siya `no?

Tumango lang siya. Ayaw niyang pansinin ang panunukso ng kapatid.

Crush mo, Sis?

Ano ka ba, kaibigan ko lang si Tom. Kapitbahay siya ni Mrs. Shook sa Wonju.

Alam mo, nakikita ko sa kilos niya na type ka niya.  May himig panunukso pa rin ang boses ng kapatid.

May girlfriend siya.

Kahit na. Para naman puntahan ka pa niya rito. Ano'ng ibig sabihin no`n?

Hindi na niya pinansin ang sinabi nito.  I-retouch mo na ako at susunod na ang take ko.

Pagagandahin kitang lalo, Sis. Kailangang pumila ang mga manliligaw mong Koreano rito. Para naman mabawi ang pagiging fan mo noong nasa Pilipinas ka pa at mapagbayaran ang mga pane-nermon namin ni Nanay sa`yo.

Ni-retouch ng Kuya Reycards niya ang make-up niya. Light foundation lang ang ginamit nito para bahagya lang na matakpan ang mga maliliit na ugat niya sa pisngi. Concealer, kaunting powder at light blush-on. Simple lang ang ginawa nitong make-up para mas lumutang daw ang ganda niya. Hindi naman nagkamali ito, lalo nga siyang gumanda.

Nabulabog sila ng paghahabulan nina Belle at Jenki sa shooting. Hirap na hirap si Belle na swetuhin ang bagong alaga. One way or another, hirap na hirap din si Jenki sa bago nitong tagapag-alaga. Hinahanap si Paula. Nagtawanan ang mga tao lalo na nang tumalon sa binti niya si Jenki at nagpakalong.

Nagising sila sa isang magandang silid. Nagbago na ang lahat sa buhay ni Paula. Katabi niya sa pagtulog si Jenki. Hindi na siya basta tagapag-alaga ni Jenki. Partner na niya ito. Love team, ika nga.

Handa na ang mesa nang pumunta siya sa kusina. Nandoon si Mrs. Shook.  Good morning. Your shooting is early, that s why I came early, too. The driver is waiting outside.

Ipinagluto siya ni Mrs. Shook ng pagkain.  What`s this?  usisa ni Paula.

Very special. Your specialty. I cooked it for you.

Nakita niya sa plato ang tenga ng daga.  How did you cook it?

Ipinaliwanag ni Mrs. Shook sa kanya ang ginawa nitong pagluluto.  This called my own version of Shook con Tenga ng daga.

Hinaluan ni Mrs. Shook ng pigs tail ang tenga ng daga. Pero hindi mawala sa isipan ni Paula ang cat food na de-latang inihalo niya rito noon. Naglalaro sa isipan niya na iyon din ang kakainin niya ngayon.

Nakaramdam si Paula ng pagduduwal.

You eat. You taste my cook.

I`m not hungry yet, Mrs. Shook.

Ahh, I will get mad if you don t taste my cooking. I cooked it especially for you.  Coz you`re like a daughter to me now. Just like Jenki. I treat him as my real son.

Na-touch naman siya sa tinuran ng matandang babae. Kapag napalapit na ang isang tao sa kanya ay ka pamilya na ang turing nito. Tulad kay Jenki at ngayon ay siya. Walang kamalay-malay si Mrs. Shook sa dahilan ng pag-aalangan niyang kumain ng niluto nito.

Pinilit siya ni Mrs. Shook na paupuin at hinainan siya nito. Personal ang ginawa nitong pag-aasikaso sa kanya. Tumalon sa mesa si Jenki.

Natuwa pa si Mrs. Shook.  So, here you are. I have food for you, too.

Napilitan si Paula na tikman ang luto ni Mrs. Shook. Parang gustong bumaligtad n g sikmura niya. Masarap  yon kung tutuusin pero may psychological effect sa kanya ang nangyari noon.

Nakatingin sa kanya si Jenki. Para siyang pinagtatawanan nito.

Uy, ano `yan? Mukhang masarap.  Lumapit si Belle sa kanila.

You want to taste?

Of course!

Save by the bell, sa loob-loob ni Paula. Literal na saved by the Belle!

Excited na nilagyan ni Mrs. Shook ng pagkain ang plato ni Belle. Sarap na sarap si Belle sa lasa ng pagkain. Pinanonood lamang niya ito nang may mag-doorbell.

Let me open the door. Maybe the call slip is here.

Nagmamadaling pumunta ng pintuan si Mrs. Shook. Naiwanan sa mesa sina Paula, Bel le at Jenki.

Ano ba itong lutong ito? Masarap ha?

Hindi siya sumagot.

Para naman akong walang kausap.  Reklamo pa nito.  Ano bang karne ito?

Karne ng daga,  tugon ni Paula.

Muntik nang mabilaukan si Belle dahil sa sinabi niya. Nagtatakbo ito diretso sa lababo.

Tawa ng tawa si Paula habang kawag ng kawag ang buntot ni Jenki. Silang dalawa l ang ang may alam tungkol sa lihim ng tenga ng daga con cat food.

Galit na galit si Kai kay Tom dahil sa mga larawang kuha nila ni Paula na lumaba s sa magazine. Hawak-hawak nito ang naturang larawan. Kuha iyon nang minsang din alaw niya sa set si Paula.

Nagpaliwanag si Tom.  We did nothing wrong. I just congratulated her for her first shooting day.

Sumandal ito sa kinauupuang sofa at kinuha sa kamay ni Kai ang magazine na ikina gagalit nito. Pinagmasdan ni Tom ang larawan. Close-up pa ito. Kitang-kita ang f acial expression nila sa isa t isa habang nakaupo ang dalawa sa isang bench. Nakay uko ito at nakatitig kay Paula.

He even saw that meaningful look he gave to Paula that moment. It was full of si ncerity and fondness. Magseselos nga si Kai sa naturang gesture nito kay Paula. There s something in it. And it obviously shows. It s not just plain talk like what he s trying to tell Kai.

I know you, Tom. You will not do that if you re not interested.

Hindi roon natapos ang pagseselos ni Kai. Siniraan pa nito nang husto si Paula. You re gonna replace me with just a nanny? And a cat caretaker? So disgusting!

Huminga ng malalim si Tom. Don t say that. She s not doing anything wrong to you.

She s taking you away from me.

That s not true. She doesn t have to do that, nagtitimping wika ni Tom.

Matagal na niyang pinagtitiisan at pinagpapasensyahan ito. Ang pagiging moody. Ang pagiging matalas magsalita at higit sa lahat, ang kagaspangan ng ugali. Malayo ito kay Paula na simpleng babae lang. Masayahin. Masarap kausap. Walang ere sa katawan.

You know that I don t love you, so there is no reason for her to take me away from you. I am so sick and tired of your insanity.

You have no choice. I still have control over you. I still manage your career, you will do what I say.

Hindi na magawang kumbinsihin ni Kai si Tom. I made you a star, and I can bring you back to nothing.

Tiim-bagang na hinarap ni Tom si Kai. You can do anything. I don`t care.

If you still want your career, avoid that Paula girl or else... you will regret it. Patuloy na pagbabanta nito.

I will destroy not only your career but Paula as well. Even that stinky cat and every little thing in your world.

Natakot siya hindi para sa sarili niya kundi para kay Paula.

Totoo ang lahat ng sinabi nito. Napaka-powerful nito sa mundo ng showbiz sa Korea. Anak kasi ito ng pinakamayamang producer ng mga pelikula at soap opera sa buong Korea. Maraming hawak na network ang tatay nito at pinasusweldo. Kaya pakiramdam ni Kai ay tau-tauhan nito ang lahat ng tao sa paligid. Isang tawag lang nito ay agad na magsa-sign-off ang career niya.

Napakataas ng rating ng Paula meets Jenki. Naging top rated comedy show na ito sa loob pa lamang ng ilang buwan.

Nagpa-party ang producer ng show sa isang first class na hotel. Maraming bisita at sikat na personalidad. Halos malunod sa kagalakan si Paula dahil nakilala niya ang mga sikat na artistang hinahangaan niya tulad nina Jessie at Rain ng Full House Naroon din si Erika, Nicole at Kenneth ng All About Eve. Hindi rin naman pahuhuli si Paula. She looks stunningly georgeous wearing a turquoise silk crepe with Sabrina neckline, and take note of that beige single-strap red clear wedge sandals that elevated her height and gave her more elegance.

Sis, grabe na ito. Hindi ko akalaing mararating mo ang katanyagang ito! wika sa kanya ng Kuya Reycards niya.

Oo nga, Kuya. Ang saya-saya nga ng pakiramdam ko.

Noon pa naman, alam namin nina Nanay na may potential ka talaga.

Alam niyo? Anong potential?

Alam namin na magiging magaling ka sa kahit anong bagay na pasukan mo. Magaling kang mag-eksperimento. At doon mo kami napapabilib lahat. Natatandaan mo pa ba ang adobong itlog? Simpleng adobong itlog lang `yun, ha?

Natawa siya. Naalala niya.  May iba lang akong gustong gawin kaysa magluto.

Malay ba naming ito ang gusto mo.

Natawa siya.  Kahit naman ako, hindi ko akalain na gusto ko ito. Chances are, hindi ko na lang din nagawang tanggihan dahil dumating ito na parang swerte sa buhay ko. Ang laki ng binago nito sa buhay ko.

Pati sa buhay natin. `Yun dating karinderya ni nanay, maliit na restaurant na ngayon. O di ba? Asensado na ang mga lolah mo, dahil `yan sa ipinapadala mong pera sa kanila.

Kulang pa nga `yun kung tutuusin. Darating ang araw, magpapatayo tayo ng isang malaking hotel. At ang lahat ng natutuhan ko bilang HRM graduate ay magagamit ko na.

Korek! Ikaw mismo ang magma-manage at hahawak ng limpak-limpak na salapi.

Nagtawanan silang magkapatid. Hindi niya akalain na ang kapatid na dati-rati y isinusumpa-sumpa niya dahil sa mga pang-aasar at pambubuska sa kanya, ay ang kapatid na makakasama niya sa pangarap at tagumpay. Ngayon niya mas naiintindihan ang pamilya. Totoo namang sinuportahan siya ng mga ito. Siya lang ang rebelde, ang pasaway, ang tamad. Pero sa huli, na-appreciate niya ang lahat ng effort at concern ng kanyang pamilya. Ang pagpipilit ng mga ito na pumunta siya ng Korea. Ang lahat pala ng ito ay may dahilan. Isang dahilang hindi niya inaasahan ang magiging outcome. Isang pagkalaki-laking tagumpay pala na ngayon ay idinaraos sa isang first class hotel.

Nilapitan siya ng direktor niyang si Kim.  Did I interrupt something?

No, not really. Pupuntahan ko na nga si Belle, eh.  Natanawan nila si Belle. Hawak nito si Jenki at ipinagmamalaki sa bisita ang alaga. Nag-e-estima ito ng mga bisita nila.

Excuse me. Iwan ko muna kayo, ha?  paalam ni Reycard. Kinindatan pa siya ng kapatid.

May I have this dance?  alok ni Kim.

Dinala siya nito sa dance floor. Kumapit siya sa balikat ng lalaki. Sweet music ang pumapailanlang sa kasalukuyan. Kantang Koreano.

Thanks, I really owe you everything where I am now. For the opportunity you gave me.

Hinapit siya ni Kim.  You`re so beautiful.  Noon niya nararamdamang may interes ito sa kanya pero noon lang ito nagkalakas-loob na magpahiwatig.

Can I come and visit you one of this day?

Hindi na nakasagot si Paula. Ini-insist ni Kim ang sarili sa kanya at hindi siya handa sa ganoong pagkakataon. Hindi niya napaghandaan kung paano tumanggi ng tahasan. Mula sa likuran ay may lalaking lumapit. Si Tom. Inilahad nito ang palad

upang kunin siya kay Kim.She can see vividly the contours of his nose, eyes and the shape of his face. She memorized every detail of it.

Tumambad sa paningin niya si Tom.

May I?  wika nito.

Sure,  kasabay ng pagyukod ni Kim.

Ibinigay siya ng direktor kay Tom para ito naman ang maging kapareha niya sa dan cefloor.

Nanlamig siya. Tila naging singlamig ng yelo ang mga palad niya. Hindi niya alam kung napansin iyon ni Tom. Hindi talaga siya handa sa mga ganoong pagkakataon. Sa mga pagkakataong parang ang haba ng hair niya! At feeling diyosa sa kagandaha n!

It`s been too long when we last talked. You re too busy now because of your schedul e.

Totoong nawalan na siya ng time sa maraming bagay. Maging ang mag-isa, magpahang in at magmuni-muni sa may swing ay hindi na niya nagagawa. Na-miss din niya ang mga ganoong moment sa buhay.

You`re succesful now. You are now accepted by Korean fans. They look up to you.

I am grateful. I didn t expect that it will be this much. I am very lucky.  Nakangiti ng tugon niya kay Tom.

Is he courting you?  Tahasang tanong ni Tom. Si Kim ang tinutukoy nito.  He`s a playb oy.  Walang gatol na wika nito.

Are you destroying his image? Kim is a very nice man. He`s a gentleman.

I know. But I`m just telling the truth. I don t want you to get fooled and get hurt .

Gusto niyang sumbatan si Tom. Gusto niyang ipamukha dito na ang klase pa ba ni T om ang magsasabi sa kanya ng ganoon? Siya nga itong may girlfriend. Pero hindi n iya nasabi. Naumid siya.

Kim is not doing anything harmful to me.  Tanging naisagot niya.  He`s a good man.

Nakita niyang nasaktan si Tom dahil sa labis na tiwala at paghangang itinuturing niya kay Tom.

I hope I can also get your trust like the trust you give Kim.

Hindi siya sumagot. Hangga t nasa buhay nito si Kai, ang maarte at kontrabidang ba bae sa paningin ni Paula, alam niyang hindi siya maniniwala sa anumang sabihin n i Tom sa kanya.

Nagpatuloy sa isang magandang courtship ang pakikipaglapit ni Kim kay Paula. Pin agbigyan niya ang lalaki sa kagustuhan nitong manligaw sa kanya. Nagpunta sila s a isang magandang restaurant-hotel para kumain ng dinner.

Romantic ang ambience ng restaurant. Nasa penthouse sila, ang pinakamahal at esp esyal na bahagi ng hotel. Nasa bahagi sila ng restaurant na open space, mahangin

at over looking ang buong Seoul City. Doon naka-set up ang table na may candle light pero natatakpan ito ng glass kaya t hindi namamatay ang sinding apoy. May background din sila na isang romantic korean ballad.

Do you like the place? The food here is good.

Masarap ang mga Korean food. Nasasanay na nga siya sa pagkain nito. Umorder si Kim ng Korean food. Gumamit sila ng chopstiks.

May isang reporter na lumapit sa kanila. Kilala ito ni Kim.

Mr. Kim, hope its okey if I interview Ms. Paula.

Nagbiro pa si Kim,  Paparatzi? If its okey with her, its okey with me?

Umupo ito sa isang bakanteng silya.  Where is Jenki?

I left him at home.  Tugon niya.

How do you feel that a cat nanny is now a star?

Hindi inaasahan ni Paula ang offensive question ng reporter.

Agad siyang sinalo ni Kim.  There s nothing wrong with that. The important thing is her fans love and support her.

Tumangu-tango ang reporter.  Oh, and what can you say about Kai, Tom Lee Young s manager?

Anong masasabi niya? Bruha siya! Matagal na iyong gustong sabihin ni Paula pero hanggang sa mga oras na iyon ay nagtitimpi siya.

I don`t even know her personally. I can`t say anything about her.

News is spreading that Kai is jealous because of you. Did you know about their relationship?  Pagkumpirma ng reporter.

Tumawa si Kim.  Its just news. For publicity perhaps. Paula has nothing to do with that issue. It just so happens that the first exposure of Paula on TV is their team up with Tom. Now if you`ll excuse us, we will finish our dinner,  pagtatapos ni Kim.

Halata sa mukha ni Paula ang matinding disappointment. Hindi kasi niya inaasahan ang mga negatibong balita na naglalabasan tungkol sa kanya. Inalo siya ni Kim.

There s only one reason why there are negative feedbacks. It's because you are now considered a star here in Korea. Otherwise, they will not find time to talk about you.

At iyon ang prize ng kanyang kasikatan, ang mawalan ng privacy at makalkal pati ang mga pinakamalalim at pinakatatagu-tago niyang emosyon.

Huminto ang kotse sa tapat ng bahay nina Mrs. Shook. Doon siya inihatid ni Kim dahil naroon lahat ang mga kasamahan niya. Weekend kasi. Inalok niya ang binata na pumasok muna. Subalit tumanggi ito.

Hinagkan siya ng lalaki sa pisngi. Bumaba siya ng kotse. Kumaway pa siya habang umaandar itong palayo.

Tinanaw niya mula sa terrace si Tom. Nakatingin ito sa kanya.

Paula,  narinig niyang tawag ni Tom.

Natigilan siya. Hindi natuloy ang plano niyang pagpasok sa gate. Nakita niyang p
apalapit si Tom.

It s still early, can I invite you for a walk?

Where?

Ngumiti si Tom.  At the park, let s ride the swing.

Naalala niya ang gabing nagkita sila roon at nagkwentuhan habang nagsu-swing. Hi
nagkan pa siya nito sa pisngi. Matamis na sandali iyon para sa kanya.

Come, you should relax. You re too busy.

I am with Kim, we had dinner.

Yeah. I-I know. I saw you when you went off his car.

Gusto niyang kumprontahin si Tom, kung nagseselos ba ito. Hindi niya naitanong p
ero kumpirmado sa mukha nito ang sagot. Oo, nagseselos ang lalaki.  W-what now? Ar
e you coming with me?

Natawa siya. Hindi nga siya sinumbatan ni Tom na sumama siya kay Kim. Pero sa to
no ng pagtatanong nito ay tila nanunumbat ang lalaki.

Okey, fine!  pabirong sagot niya.

Sabay silang naglakad. Masaya. Panandalian niyang nakalimutan ang mga pinagdadaa
nan nila ni Tom. Si Kai. Si Kim. Nawala muna sa isip niya ang lahat ng mga ito.
Masaya siyang nakikipagkwentuhan kay Tom habang naglalakad sila.

Narating nila ang park. Agad siyang sumakay sa swing. Inuguy-ugoy iyon ni Tom. N
ag-shake ang inuupuang swing ni Paula. Tawa siya ng tawa habang ginagawa iyon ni
Tom. Para silang mga batang naglalaro. Malamig ang simoy ng hangin. Nanunuot iy
on sa kanyang kalamnan. Sila na lamang dalawa ang naroroon sa park. Liwanag na l
amang ng buwan at mga bituin ang nagbibigay ng ilaw sa kanila. Pero she can stil
l see Tom s face clearly. She can see vividly the contours of his nose, eyes and t
he shape of his face. She memorized every detail of it. She is a hundred percent
sure it was perfectly carved and can t be erased, ever.

Lumapit ito sa kanya at umupo sa tabi niya. Inakbayan siya nito nang makitang pa
nay ang haplos niya ng brasong nilalamig. Niyakap siya nito at ikinulong sa mga
bisig. She can feel his heart beat runs fast.

Napapikit siya. Damang-dama niya ang init ng katawan nito. The warmth of his bod
y made her shiver. Para siyang nakalutang sa ere. Unti-unting humina ang ugoy ng
swing. Natigilan si Tom. Kumalas ito sa pagkakayakap sa kanya. Nakita rin ni Pa
ula ang dahilan ng pagkatigagal ni Tom. Si Kai. Matalim ang tingin nito sa kanil
a.I can t take it anymore. Do whatever you want. Destroy me. I ll accept whatever it
takes.

Iniwanan siya ni Tom sa swing at sumama ito kay Kai.

Naglakad si Paula na mag-isa. Pauwi sa bahay ng mga Shook.

Dinatnan niyang nanonood ang lahat ng TV sa salas. Inilabas na ang TV ni Jenki mula sa silid nito upang makapanood ang lahat.

Pinanood niya ang palabas sa TV, ang mga ginagawa nilang katatawanan ni Jenki sa comedy show. Nagtatawanan ang lahat.

Umalis si Jenki kay Belle at lumipat sa kanya. Kinalong niya ito. Hinaplus-haplos. Hindi niya akalain na ang pusa ang magbabago ng buhay niya. Makikilala niya si Tom. Si Kim. Magiging artista siya. At higit sa lahat, ipapakilala sa kanya ang kakayahan niyang magtiis. At masaktan ng totoo. Dahil sa pag-ibig.

Sa loob ng kotseng minamaneho ni Tom, nagwawala si Kai. Pinagsasampal nito si Tom. Inaawat ito ng lalaki.

We might get into an accident if you don t stop.

I will really kill you! She is destroying our relationship!

I said stop it!

Aktong ihihinto na ni Tom ang sasakyan ng biglang may nag-cross na isang sasakyan sa daan. Nakapag-brake lang ito. Muntik nang sumalpok ito sa kotse nila.

Nagalit ang driver sa kabilang kotse. Nagbitiw ito ng mura sa Korean.

Umalis din kaagad ito. Naiwanan silang nakahinto sa gitna ng kalsada.

It`s over, Kai. Let s split up. I can no longer take your pathetic reactions, your mood. I can t take it anymore. Do whatever you want. Destroy me. I ll accept whatever it takes. I just can t live with you around anymore,  seryosong pahayag niya.

N-no... You can t...

Bumaba si Tom sa kotse. Hindi siya napigilan ni Kai. Hindi man lang lumingon si Tom. Para sa kanya, tapos na kung anuman ang kaugnayan niya sa babae. Anuman ang magiging kapalit ng gagawin niyang pakikipaghiwalay rito ay wala na siyang pakialam.

Nasa may tabing lake at namamasyal sina Paula at Belle. Kasama nila si Chimci na siyang may dala kay Jenki. Bakasyon iyon ng bata kaya may oras itong mamasyal kasama sila. Nakapang-jogging attire sila. Si Reycards naman ay kasama ng pamilya ng Shook na nag-aayos ng pagkain. Nagpi-picnic sila sa Lakeside resort.

Dumating si Kim sa picnic nila.

Tiningnan niya ang kapatid.

Hindi ako ang nagpapunta riyan, ha? Baka si Belle,  sabi ni Reycards.

Hindi ako, `no? Malakas lang talaga ang pang-amoy ng Koreano na `yan?  pagtutol ni Belle.

Si Mrs. Shook ang nag-imbita rito. Sinalubong agad ito ng babae.

May dalang bulaklak si Kim para sa kanya.

May hatid na haplos sa puso niya ang gesture na iyon ng lalaki. Pero mas masaya sana kung si Tom ang nagbigay sa kanya ng bulaklak. Kahit isang piraso lang, kah it dahon nga lang ng bulaklak.

Si Tom ang type mo, `no? usisa sa kanya ni Belle.

H-hindi ,ah? pag-iwas ni Paula.

Obvious ka, eh. Halata namin ni Kuya Reycards.

Wala siyang sinasabing maski na ano sa mga ito. Hangga t maaari ay sinosolo niya a ng nararamdaman. Eskandalong malaki para sa kanya na isipin na nang-aagaw siya n g boyfriend ng may boyfriend.

May girlfriend na siya.

Pero siya ang gusto mo.

Hindi siya nakasagot. Hindi niya magawang mag-deny ng tahasan sa kaibigan.

Kahit anong gawin ko, hindi mangyayari iyon. Committed siya kay Kai. Napaka-selos a pa naman niya. Mas okey kung ibaling ko na lang kay Kim ang atensyon ko.

Wala akong tiwala kay Kim, tahasang wika ni Belle.

Bakit naman?

Kahit ang Kuya Reycards mo, hindi niya gusto si Kim.

Wala namang ginagawang masama `yung tao.

Wala lang. Instinct lang. Lam mo na? Mas bagay kasi kayo ni Tom.

Natawa siya. Mas bagay sila ng lalaking may ibang mahal. Loko talaga itong kaibi gan niya. Pati kuya niya. Ipipili lang siya ng mamahalin, sa lalaki pang sasakta n siya ng paulit-ulit.

Dumating si Paula sa inihandang press conference sa kanya. Nominated kasi siya p ara sa Best New Comedy Show Award sa isang prestigious award giving body sa Kore a.

Si Kim ang kanyang escort. Pinaupo siya sa gitna kung saan nakaupo ang mga VIP. Dala ni Belle si Jenki. Nakasuot si Jenki ng puting polo sa loob at black na coa t at may maliit na ribbon collar sa leeg. Formal occasion kasi kaya nagpakaporma l din ang sikat na pusa. Ganoong-ganoon din ang suot ng kaibigang si Belle. Kung ano ang costume ng pusa ay siyang costume rin nito.

Nagtatawanan ang mga press people na naroon. Balewala kay Belle ang tawanan ng m ga tao. Proud siya sa ginagawa. Kung napansin nga raw si Paula dahil kay Jenki, dapat mas mapansin siya. Dahil mas malaki ang effort niyang magpapansin.

Kahit si Paula ay natatawa sa gimik ng kaibigan.

Umupo siya katabi si Kim. Nagpalakpakan ang mga press people.

Nagsimulang magtanong ang isang press.

How do you feel being welcomed and accepted by fans here in Korea?

Kinuha ni Paula ang mikropono.  I am very happy. I didn t expect that they will like me and our show. I want to thank everyone who supported us.

Nag-follow up question ito.  Are you planning to make it international?

 I haven t thought of that yet. As of now, my focus is to make our show more funny a nd exciting so everyone will enjoy watching.

Nagpalakpakan ang mga tao sa naging sagot niya.

May sumunod na nagtanong na press.  To whom do you owe your success you have right now?

 So many of them. But first of all, I d like to thank Mrs. Shook and her daughter Ch imci. They are the reason why I am here in Korea. And also to Mr. Kim. He was th e one who gave Jenki and I the opportunity. And of course without Jenki, I will not be here. He is a very intelligent cat, that s why he was discovered and I was, too.

 Do you think you can stand alone in your career without Jenki?  May katarayang tano ng sa kanya ng isang press.

 I don t know if fans will still support me without Jenki. As of now, I don t have any plans to go on solo. I am still enjoying our TV show. We are all happy at the s et of Paula meets Jenki, there is never a dull moment.

Nag-follow up question pa ito.  Rumors said that you are the trying hard copy cat because without the cat, you will not be a star. What can you say about this?

Nakakaramdam na si Paula ng kahihiyan. Naha-harass na siya sa tanong ng press. N aiinis na rin siya at hindi na niya nagugustuhan ang timpla ng mga tanong ng mga ito. Nagsisimula na siyang mairita.

 I never denied the fact that if not for Jenki. I wouldn t be where I am right now. I said that a while ago. Aren t you listening?  May pagka-subtle but sarcastic ang m ga binitiwan niyang salita.

Naramdaman iyon ng babaeng nagtanong sa kanya. Tumahimik na ito at naupo. Hindi na ulit nagtanong.

 And in addition to your question, I have my own talent, I know how to act in fron t of the camera. I think that is one factor that viewers like watching. Even if I have Jenki but if I don t have the qualities of a good comedy actress, I won t sur vive either.

Nagpalakpakan ang mga press people. Napangiti si Kim dahil sa intilehente niyang pagsagot. Hindi siya pumayag na mataray-tarayan lang ng press. Hindi siya umupo roon para lamang insultuhin. Nagpakatatag si Paula. Naramdaman niyang may kasun od pa iyon.

 What can you say about the breaking news that Tom Lee Young and Kai just broke up because of you?

Umiling siya. Sabi na nga ba niya. May kasunod. Ito na nga ba ang kinatatakutan niyang tanong. Bakit ba kasi sa kanya ibinibintang ang mga bagay na iyon?

 I have nothing to do with their break up. It s none of my business, anyway.  Napilita n na lamang niyang sabihing wala siyang pakialam, pero ang totoo ay labis niyang ikinatuwa ang balita.

Is Tom Lee Young still courting you?

Umiling siya.  No. We re just good friends.

But, people always see you both dating at the park.

Naloko na! Ibang klase rin ang mga radar ng mga reporter dito, ah. Gabing-gabi na nga kami magtagpo, iilang beses pa nga lang din  yun, nahuhuli pa kami. Napapailing si Paula.

Personal na ang mga tanong. Hindi na alam ni Paula kung paano sasagutin ang mga iyon. Napatingin siya kay Kim. Nagpapasaklolo. Kinuha nito ang mikropono.

Next question, please. That question is too personal to answer. Kindly ask questions regarding Paula Meets Jenki, this is what this press conference is all about,  paliwanag ni Kim sa press na nagtatanong.

Hindi naawat ni Kim ang press.

I would like to ask Paula if she knew who she s dealing with.

I m not fighting with anyone. I don t even compete with anyone,  tugon ni Paula. Magpapaliwanag pa sana siya.

Narinig niyang nagkagulo ang mga tao. Nagbulungan. May kung sinong tinitingnan na dumating. Si Kai. Diretsong naglalakad palapit sa kanya.

Huminto ito sa mikropono na nakatayo. Nagsalita ito.

It s my turn. How would you explain to the press that you and Tom are together at the park in the middle of the night? What were you doing, then?

Umiling siya.  N-nothing. We aren t doing anything wrong.

You weren t doing anything wrong? So you admit that you were together in the middle of the night at the park?  Muli pang idiniin nito ang detalye.

Na-trap siya. Hindi na niya nagawang magpaliwanag.

Hindi niya inaasahan ang paglapit ni Kai. Inaway-away at iniskandalo siya nito. Hinila nito ang buhok niya at sinabutan sa harap ng maraming tao. Hiyang-hiya siya.

Kahit si Kim ay walang nagawa, walang nasabi. Wala itong alam sa sinasabi ni Kai. Paano siya maipagtatanggol nito?

Nagpatuloy sa pang-aaway si Kai.

You stealer!

Kinuha ni Kai ang basong may lamang tubig at ibinuhos sa kanya.

Copy cat!  sigaw nito.

Tumalikod na si Kai at naglakad palayo. Animo y modelo. Taas-noo. Buong pagmamalaki.

Naiwan siyang parang basang sisiw. Naalala niya ang isang eksenang napanood niya. Isang lumang pelikula ni Sharon Cuneta. Binuhusan din ito ng tubig ng kontrabi

dang si Cherry Gil. Pero nangako si Sharon. Lalaban siya. Lalabanan niya si Cher ry Gil.

Hindi pala totoo  yon. Hindi pala totoong pagkatapos maranasan ang isang ma-draman g eksenang tulad ng naranasan niya ay magagawa pa niyang magbanta at lumaban. Pa ra siyang basang sisiw na nilagyan ni Kim ng coat nito. Inalalayan siyang maglak ad palabas ng hall. Kinukuhanan siya ng picture ng mga photograper. Walang patid na kislapan na tulad ng isang bituing nagniningning. Kapalit ang luhang pilit n iyang pinipigilang umagos sa kanyang mga mata.

Nasa frontpage si Paula. Ang pangit ng kuha niya. Parang sinadya ng photographer na papangitin siya. Galit na galit din si Reycards habang mine-make-up-an siya.

Resbakan na natin ang babaeng `yun. Pati ang photographer na `yan,  sabi ng kapatid sa kanya.

Ingudngud natin ang mukha sa inidoro, ewan ko lang kung hindi pumangit ang babaen g `yon,  sulsol pa ni Belle. Inaayos naman nito ang wardrobe ni Jenki.

T-tama na, huwag niyo nang patulan. Matatapos din lahat `to.

Hindi ko alam na ganyan ka kabait, ha?  inis na wika sa kanya ni Reycards.  Kung nand oon lang ako sa presscon, hindi niya magagawa `yun sa`yo. Kung nakita ko lang `y un, kakalbuhin ko siya talaga.

Hindi ako nagpapakabait, Kuya. Ayoko na lang lumala ang lahat. Ako rin naman ang pinaka-apektado sa lahat.

Pero, Friend, winawasak na ang pagkatao mo, pati kaluluwa mo, gutay-gutay na rin. Hindi mo kailangang pasanin ang buong daigdig,  eksaheradang wika ni Belle.

Natawa siya ng bahagya.  Tama na nga `yang mga Sharon Cuneta movie. Ayoko na ng ga nyan. Gusto ko lang magtrabaho. Makaipon. Tapos, sabay-sabay na tayong babalik n g Pilipinas. Hindi naman ako tagarito. Sa Pilipinas ako gagawa ng career. At lea st, okey na itong stepping stone ko, di ba?

Kung sabagay, may punto ka riyan, friend. Bakit mo ba papatulan ang pangit na `yu n? Insecure lang siya sa beauty mo dahil iniwan siya ni Tom dahil sa `yo.

Hindi siya naniwala sa sinabing iyon ni Belle. Wala sa loob niyang gagawin iyon ni Tom para sa kanya.

Dumating si Tom sa kalagitnaan ng shooting nila. Hindi niya inaasahan ito.

Nilapitan niya ang lalaki.  Why are you here?

Nagpapaliwanag ito sa kanya.  I m sorry, Paula. I didn t know Kai s plans of ruining you r presscon.

Pormal ang mukha ni Paula.  You don t have to explain anything. Go away. Leave me in peace.

Inawat siya ni Belle.  Paula, it s not Tom s fault. Si Kai ang may kagagawan ng lahat.

Hinarap niya si Belle.  Kahit na. It is because of him, that s why I was put in the middle of all these embarrassment. He shouldn t have left Kai so I won t be put to b lame.

I didn t want that to happen, Paula. I am hurt, too. I have no idea what Kai is doing and will do. I didn t think that she can do that to you.

I have nothing to do with your relationship with Kai. Don t involve me to your fight with her. Just leave me alone.

Paula, believe me. If I only knew, if there s something I could do that moment, I will accept all that embarrassment you re saying.

What has happened, happened. We can t bring back the time. Can you please, please, go? Leave me. For heaven s sake! Please go.

Ipinagtulakan pa niya si Tom.  Get out! Get out of here!

Hindi naman natitinag si Tom sa kinatatayuan.

Nilapitan na sila ni Kim. Inakbayan pa nito si Tom at inilayo sa kanya.

Umiyak siya ng umiyak. Hinang-hina siya. Naubusan siya ng lakas. Niyakap siya ni Belle. Lumapit din ang Kuya Reycards niya. Yumakap din ito. Naroon din si Jenki, kikiling-kiling ito na nasa paanan niya at nakikisimpatya sa kanya.

Kahit niyayakap siya ng kapatid at kaibigan, depressed pa rin si Paula. Nakaramdam siya ng pag-iisa. Walang makakapagtanggol sa kanya. Ano ba ang magagawa ng isang pusa? Ano ang magagawa ng amo niya? O maski ng Kuya Recards niya at ni Belle? Kahit nga siya, hindi niya alam ang magagawa niya para sa sarili. Wala siyang alam na naging kasalanan kundi ang ihatid siya ng buong barangay nila sa airport para pumunta ng Korea.  Yun lang. Bakit kailangan niyang maranasan ang ganoong kalungkutan?

Sa bahay nina Mrs. Shook sa Wonju, tumunog ang doorbell. Walang shooting sina Paula at Jenki. Wala ring ibang schedule at sinamantala niyang makapagpahinga ng araw na iyon. Siya mismo ang nagbukas ng pinto. Dumating si Kim. May dala na namang bulaklak para sa kanya.

Hi!  nakangiting bati nito.

Gumanti siya ng bati.  Hello, come in.

Pumasok si Kim matapos ibigay sa kanya ang bulaklak. Umupo ito sa sofa.

Where are they?

At the park, they re walking with Belle, Chimci and Jenki. My Kuya Reycards is with Mr. and Mrs. Shook. They went to the grocery.

Umupo rin siya sa sofa. Sa harapan ni Kim.

How are you doing?

I`m fine.

I`m sorry for what happened at the press conference. I would like you to know that it is part of your being famous.

Marahang tango ang itinugon niya.  I know.

You will get used to it.

Huminga ng malalim si Paula.  Hope so.

 There is a long way to go, Paula. Don t just give-up. There are lots of good things that will happen to you.  Patuloy na pang-aalo sa kanya ni Kim.

 I hope so. I know you are always there to support me. And I thank you for that.

 I want to be a part of your success, Paula.

Ginagap ni Kim ang kamay niya. Hindi siya nakakilos. Hindi niya alam kung paano magre-react.

Hindi pa nakakahuma si Paula ay nakarinig sila ni Kim ng malakas na malakas na s igaw.

Lumabas sila kaagad para alamin kung ano ang nangyayari sa labas ng bahay. Nakit a nilang tumatakbo sina Belle at Chimci.

 Bakit? Anong nangyari?  tanong niya.

Humihingal si Belle. Hindi makapagsalita.

Napansin niyang wala si Jenki.

 Chimci, where`s Jenki?

Umiiyak ang batang babae.  They took Jenki! Those three masked men took Jenki!

Alam na nila kung ano ang nangyari. Na-catnap si Jenki!This is for Paula. I will do everything for her. Tell me where Jenki is!

Meet JenkiNAGPUNTA sa presinto sina Paula at Kim para mag-report sa mga pulis na nacatnap si Jenki. Umiiyak si Mrs. Shook habang patuloy na inaalo ito ng asawa. Kasama rin nila sina Reycards, Belle at Chimci.

 Where is Jenki? Where is my son?  Patuloy sa pag-iyak ni Mrs. Shook.

Umiiiyak din si Paula. Worried na worried siya sa naging kalagayan ng pusa. Baki t kailangan itong agawin at kunin sa kanila? Anong motibo ng gumawa noon?

 Do you know of enemies that might have a motive to do this?

Hindi niya alam kung paano sasagutin ang tanong ng pulis. Kung pagbabasehan ang mga huling nangyari, may taong nagagalit sa kanya. Si Kai. Pero bakit naman gaga win iyon ni Kai? Sa kanya ito nagagalit at kay Tom. Imposibleng idamay nito ang walang malay na pusa. Kung si Kai ang may kagagawan, dapat siya ang ipina-kidnap at hindi si Jenki.

Umiling-iling siya.  Imposible.

Napansin siya ni Kim.  You re saying something?

 Nothing. I m just thinking of who might have done this.

Nagpakawala ng malalim na buntonghininga si Kim.  A person who is extremely jealou s with Jenki s success, or a person who wants to get money from the Shook family. That cat is worth big money.

I will give them money, just tell me. Just bring back my cat!  patuloy na nagpalahaw si Mrs. Shook.

Anumang anggulo nila tingnan, ang motibong nakikita nila ay pera. Gusto silang perahan ng kung sino mang dumukot sa pusa.

ILANG araw ang lumipas pero walang nagpapaabot ng anumang mensahe sa mga Shook tungkol sa motibong pagdukot kay Jenki. Nag-pack up ang shooting dahil hindi pa rin nakikita ang pusa. Problemado ang direktor at buong staff kung paano maitutuloy ang show. Labis na nag-aalala sa kalagayan ni Paula si Kim. Palagi siyang pinupuntahan at sinasamahan nito.

Muli siyang dinalaw nito sa flat.

Any news?

Umiling siya.  Negative. They still haven t found any trace of Jenki.

Nag-aalala siya. Baka hindi lang ang pagdukot kay Jenki ang motibo, baka patayin pa ang pusa.

There are many goons and bad people wandering around, they took even an innocent cat.  Lumungkot ang kanyang mukha.

Inalo siya ni Kim.  Don t worry, we will find him.

Hopeless na hopeless ang pakiramdam ni Paula.

What I m worried about is your health. Maybe they have intention for you too. Don t worry I will take care of you, Paula.

Thanks, Kim. Don t you worry too much. You have done many good things for me. Don t worry. We have the police to look after our safety.

Twenty-four hours na may dalawang pulis na nagbabantay sa kanila. May karelyebo pa ang mga ito. Kahit paano, nagkaroon ng malaking banta sa buhay nila ang pagkawala ni Jenki. Kung nagawang catnapin si Jenki, pwede rin siyang ma-kidnap!

PINUNTAHAN ni Tom si Kai. Dinatnan niya ito sa bahay. Napakalaki ng bahay may isang bloke ang laki nito. Mataas ang bakod ng mansion nito.

Just as I was expecting. You finally came.

I knew it. You were behind Jenki s catnapping.

Really?

Tumawa si Kai.  You believe the tabloids huh?  I am not that stupid to plan that catnapping. I ll be very obvious that I ll be the suspect? Am I right, Honey?  pilit pa nitong nagpapa-charming.

Hindi kumbinsido si Tom sa mga ipinapaliwanag ni Kai.  Where is Jenki?  matigas na wika nito.

Nagsindi ito ng sigarilyo.  I know nothing, my Dear.

You are the only one who has the motive to do that, to destroy Paula s career.

Muling tumawa si Kai.  Really now? I didn t know you re a mindreader? But you re wrong.

Hinapit niya si Kai. Pinisil ang dalawang braso nito.  Let Jenki out! Don t involve
him with your problem with me.

Nasasaktan ni Tom si Kai.

Let go of me! You re hurting me!

You will really get hurt if you don t tell me where Jenki is.  Mas matigas, mas malak
as ang tinig ni Tom.

I don t know!

Binitawan niya ang babae.  I beg you, return Jenki to Mrs. Shook. Don t you hurt him
.

Oh, I didn t know that you know how to beg,  sarkastikong sabi nito.

This is for Paula. I will do everything for her. Tell me where Jenki is!

Why would I tell you? If I have that lousy cat I will be glad that you d die lookin
g for him.

Baling nito kay Tom.

You will not succeed.

Really? When did you start to learn to fight, Tom?

You will never win, Kai. I will do everything to get Jenki. Put that in mind.

Walang kamalay-malay si Tom na nasa likuran lang ng bahay ni Kai si Jenki. Nakak
ulong ang pusa. Kanina pa ito tinutulungan ni Brutus para makalabas ng kulungan.
Nabuksan na ni Brutus ang kulungan. Tumalon palabas si Jenki. Diretsong nagtata
kbo ito at muling tumalon paakyat ng bubungan. Parang alam ni Jenki na nasa pang
anib siya at naghahanap siya ng kaligtasan.

Nakita ng pusa ang kotse ni Tom na nakaparada sa harapan ng bahay ni Kai. Tumalo
n ito at bumagsak sa bubong ng kotse ni Tom.

Eksakto namang nag-start ng kotse si Tom. Hindi niya namalayan na may bumagsak s
a bubungan ng kotse niya.

Tumakbo na ang kotse ni Tom. Wala itong kamalay-malay na nasa bubong si Jenki. M
abilis ang kanyang pagmamaneho.

Nakakapit mabuti si Jenki. Kulang na lang ay mahulog ito.

Huminto ang kotse sa isang gasoline station. Napalakas ang brake ni Tom. Dumulas
ang pusa at tumambad sa windshield ng kotse.

Jenki!

Agad bumaba ng kotse si Tom at kinuha ang pusa.

What are you doing here?

May nakapansin kina Tom at Jenki. May biglang kumuha ng larawan kay Tom. Hindi niya alam na may isang mobile patrol doon at nakita sila. Lumapit ang mga pulis kina Tom at Jenki.

Why? What s wrong?

Hindi na hinayaan ng mga pulis na makapagpaliwanag si Tom. Kaagad na pinosasan siya.

Si Tom ang napagbintangang nagcatnap!

DINALA sa presinto si Tom. Nasa custody na ng mga pulis si Jenki. Nagpapaliwanag si Tom sa abogado.

I will fix your bail. Mrs. Shook sued you.

Attorney, I wasn t the one who kidnapped Jenki. I swear. I didn t even know how he got in my car.

I believe you, Tom. But Mrs. Shook doesn t belive that.

Napiyansahan si Tom.

Sa labas ng presinto, nakaparada ang sasakyan nina Paula. Naroon din ang sasakyan ni Tom. Nagkita ang dalawa.

Nilapitan ni Paula si Tom.

Sinumbatan niya ang lalaki.  Why do you have to do that to Jenki? We trusted you, Tom.

Paula, believe me. I m innocent.

Stop it Tom. I will not believe anything you say. Just be ready for your court case.

Tinalikuran na niya si Tom at diretsong sumakay sa sasakyan.

MATINDI ang character assasination na ginawa ng media kay Tom dahil na rin sa pagkakasangkot sa pagkawala ni Jenki. Tuluyang nasira ang career nito. Nawalan ng show at mga project. Higit sa lahat, tuluyan nang nawala si Paula, pati pagkakaibigan nila. At ang lahat ay kagagawan ni Kai.

Nag ring ang telepono ni Tom. Nang sagutin niya iyon ay agad na nakilala niya na si Kai ang nasa kabilang linya.

How are you, Tom? You lost your career.  Nagpakawala ito ng malakas na tawa.

When will you stop, Kai? You have destroyed me. What else do you want?

I will not stop until I haven t destroyed you completely and Paula as well. And even that cat, who became more famous because of that incident? Can you believe that he got loose? Oh my, my, he is very intelligent, isn t he, Honey.

I did nothing wrong. Stop it Kai.

I warned you. You didn t listen. I am warning you for the second time. Tonight is the Starry Night Awards remember?  Tumawa ng malakas si Kai.

What are you planning? What s next, Kai?

Just wait and see!

Binabaan na siya ng phone ng babae.

Walang kamalay-malay si Kai na nakarecord ang lahat ng sinabi nito. May mga pulis ng sandaling iyon. Pati ang abogado ni Tom ay naroon at narinig ang lahat ng pagbabanta nito.

GABI ng Starry Night Awards. Dumalo si Paula at si Kim ang escort niya. Kasama niya si Reycards, pamilyang Shook at si Belle na may dala kay Jenki.

Napakaganda ni Paula sa suot na gown. She looks, undeniably sexy and very charming wearing a midnight blue slim gown accented with slashes. It emphasized the curves of her body. With black-heeled evening sandals that goes with her gown very well.

Umupo sila sa second row seats kung saan reserved ito para sa mga VIP s nang gabing iyon. At doon kabilang si Paula.

Kabado ang lahat ng mga kasamahan niya. Relax lang siya.

Tinawag na ang presentor para sa Best New Comedy Actress. Sina Chen Shou at Sumo Wang.

Binasa ng mga ito ang mga pangalan ng nominee. Ipinakita sa screen ang isang eksena na pinagbasehan ng nominasyon. Nagtawanan ang mga tao at nagpalakpakan sa eksena nina Paula at Jenki. Obvious na sila ang crowd favorite.

Nagbiruan pa ang dalawa bago basahin ang nanalo.  Nervous?

Just a little bit.

Binasa ng presentor ang laman ng sobre.  And the winner is...

Paula Dimadaya Caisip!

Malakas na palakpakan ang sumunod. Halos matulig si Paula sa tindi ng hiyawan. Niyakap siya ni Kim. Niyakap siya ni Belle. Niyakap siya ni Reycards. Pati si Chimci, niyakap siya. Niyakap siya ni Mrs. Shook. Lahat na yata ng pwedeng yumakap sa kanya ay niyakap din niya. Kinuha niya si Jenki. Karga niya ito habang naglalakad patungo sa stage. Ineskortan siya ni Kim.

Pinapalakpakan siya ng lahat ng taong nasa paligid niya. Nakita niya sa mga mukha nito na pabor ang mga ito sa kanyang pagkapanalo.

Lumapit si Paula sa mikropono.

Maraming salamat. Thank you very much.

Muli siyang pinalakpakan.

I am grateful to all of the people who have helped me a lot, the reason why I am

here in Korea, and who helped me attain my success. First of all, to my family.  N agpause siya.

Nagpapahid ng luha ang Kuya Reycards niya. Proud na proud ito sa kanya.

My brother who is here to support me.

Tiningnan niya rin si Belle.

And to my friend, Belle who pushed me to fly here to Korea, literally pushed me.. .  Ngumiti siya.

Nagtawanan ang mga tao.

To the Shook family, who treated me as their real daughter, and the big sister of Jenki.

Mas nagtawanan ang mga tao.

I d also like to thank Mr. Kim, to my director for giving us the opportunity and tr ust. And made us where we are right now.

Nagsimula ng umagos ang luha niya sa pisngi.

And most of all to the Lord Almighty. Because He loved me and guided me. I am so lucky to have received all His blessings.

Hindi niya binanggit si Tom. Hindi niya mabanggit si Tom. Gusto niya. Gustunggus to niya pero may pumipigil sa kanya.

I am offering this award to all of you.  Yumukod siya sa audience bilang pagpapasal amat.

Nag-standing ovation ang lahat ng tao.

Pero hindi pa siya tapos. Parang hindi niya kayang tapusin ang gabing iyon na wa la si Tom.

And for Tom.

Natahimik ang lahat. Napanganga si Belle. Na-shock si Reycards. Wala sa script s i Tom. Ano ang sasabihin niya tungkol kay Tom? Maging si Kim ay hindi nakapag-re act.

I know you are just there. And I d like to tell you, thank you very much for being just there. If you weren t, I won t be able to know my worth as a person.Thank you.

Walang kamalay-malay ang lahat sa panganib na naghihintay kay Paula. May baril n a nakaasinta sa kanya. May kumalabit ng gatilyo ng baril. Eksaktong kinarga nama n niya si Jenki galing sa may paanan niya nang umalingawngaw ang malakas na puto k ng baril.

Nagkagulo ang mga tao. Nabigla si Paula nang biglang may yumakap sa kanya at kay Jenki. Si Tom. Tinamaan ito ng bala ng baril.

NASA panganib si Tom. Isinugod nila ito sa hospital. Hindi mapakali si Paula sa labas ng operating room. Palakad-lakad. Naroon din si Jenki. Palakad-lakad din. Kabuntot niya ito.

Tumigil na nga kayong dalawa sa paikut-ikot, nahihilo ako sa inyo, sabi ni Belle.

Umupo si Paula. Tumalon din si Jenki sa upuan. Kapwa nanahimik at wari y nagiisip.

Bilib talaga ko riyan sa pusang `yan. Kung tao lang `yan iisipin ko na `yan talag a ang karibal ni Tom at hindi si Kim.

Belle, ano ba? saway ni Reycards.

Inaalis ko lang ang tensyon natin lahat. Masyado tayong tensyunado.

Huminga ng malalim si Paula. Iniligtas niya ako. Iniligtas niya si Jenki. Imposib le ngang siya ang dumukot kay Jenki. Hindi niya ibubuwis ang buhay niya.

Oo naman. Imposible talaga. Hindi ka naman kasi nakikinig sa akin.

Wala ka namang sinasabi.

Wala ba? E, basta, hindi talaga ako naniniwala maski noon pa na siya ang gagawa n oon.

Bakit?

Close kasi kami. Ganon. Pinagdikit pa ni Belle ang dalawang daliri na nakaintertwi ne.

Pulos ka kalokohan, nasa panganib na `yung tao.

Seryoso, hindi lang kasi kita makausap, pero alam ko ang pinagdaanan niyo. Minsan kasi, chinika ko siya. Nag-ober da bakod ako sa bahay nila. Gusto ka niya talag a friend. Hindi ang pangit na Kai na `yun.

Lumabas ang doktor sa operating room.

Nag-uunahan pa sina Paula, Belle, Reycards sa pagharap sa doktor para alamin ang kalagayan ni Tom. Sabay-sabay pa silang nagkatinginang tatlo nang mapasulyap ka y Jenki. Mas nauna pa ito sa kanila na lumapit sa paanan ng doktor. Nakatingala ito at parang naghihintay ng sasabihin.

He s safe.

Nakahinga nang maluwag si Paula.

Sabi na eh. Gusto ka talaga niyan. Hindi pa `yan mamamatay kasi hindi pa siya nak akapagtapat sa `yo.

Napangiti na siya sa pagbibiro ni Belle. At least, ligtas na si Tom. Yun ang maha laga. Hinaplos pa siya ng kanyang Kuya Reycards bilang pagsuporta.

MAY dumating na pulis sa bahay ni Kai.

W-why?

We have a warrant of arrest for you.

W-why?

For kidnapping Jenki and for shooting Tom Lee Young.

Ipagtatatwa pa sana ni Kai ang sinabi ng pulis.  We arrested the trigger man and he pointed you out as the master mind.

Hindi nakapagsalita si Kai. Pinosasan na siya ng pulis.

DALAWANG Linggo na ang nakalipas mula nang Starry Night incident. Freeze muna ang shooting schedules nina Paula at Jenki. Binigyan sila ng ilang linggong bakasyon para makapagpahinga ng lubos mula sa traumatic incident na iyon. Nakahinga ng maluwag si Paula. Napapagod na siyang isipin ang lahat ng mga pinagdaanan niyang kaguluhan at nakakatakot na pangyayari. Pagkaraan niyon ay hindi niya alam kung paano pa siya magsisimulang magpatawa. Maganda ring oportunidad ito dahil nagkaroon siya ng oras para sa kanyang kaibigang si Belle at kapatid.

Nasa harapan ng TV ang lahat, nang lumabas si Paula para magpahangin. Naglalakad-lakad siya sa pathway ng kalsada sa ilalim ng kabilugan ng buwan. Tiningala niya iyon. Napangiti siya nang makitang sinusundan siya nito sa kanyang pamamasyal.

Sininghap niya ang preskong hangin. Nakaramdam siya ng ginhawa nang gawin iyon. Pumikit pa siya t inulit muli. Ninamnam niya ang kalayaan mula sa mga problemang bumabagabag sa kanya. Wala nang manggugulo sa kanya dahil nakasampa na ang kaso laban kay Kai. Ligtas na rin si Jenki, siya at higit sa lahat ay ligtas na sa kapahamakan si Tom. Malaki ang ipinagpapasalamat niya sa Diyos na walang nangyari ritong masama. Tiyak na hindi niya mapapatawad ang kanyang sarili sakaling napahamak ito dahil sa pagliligtas sa kanya. Hindi niya kasi ito pinaniwalaang wala itong kasalanan. At least ngayon, she can correct her mistakes.

NAGDI-dinner sina Paula at Kim. Ibinalita nito na ibinigay nito ang project kay Tom. Ibi-build up silang loveteam.

This is a love triangle   you, Tom and Jenki,  biro pa nito.

Thank you, Kim. But why? You know what Tom and I have been through.

Marahang tumango si Kim.  Yeah, I know. Perhaps, that s the reason why I gave way for the both of you.

Hindi niya maintindihan ang sinasabi ni Kim.

I like you from the very start. I said I would make you a star. I have an intention I admit. I want to get you in return of everything I ve done for you.

Uminom ng wine si Kim.

But not anymore. I cannot do that to a star like you. You re like a precious stone that should be taken cared of. I cannot do anything to fool you or harm you.

Hindi pa rin naiintindihan ni Paula ang lahat.  You are not going to fool me, you will marry me don t you?

Marry?

Umangat ang mukha ni Paula.

That s the hardest part of it. I wish I could.

Noon ipinagtapat ni Kim ang buong katotohanan.  I`m a married man, Paula. You don t
deserve to be just the otherwoman.

Nabigla siya. Hindi niya inaasahan ang gagawing pagtatapat ni Kim.

NASA park si Paula.

Umupo siya sa swing. Itinulak ang sarili gamit ang sariling paa. Ipinikit ang mg
a mata at dinama ang pag-ugoy niyon. Ilang sandali y tumigil ang pagduyan. Nanatil
i siyang nakapikit nakaupo. Hindi kumikilos at nanatiling nagko-concentrate, nag
memeditate.

Lingid sa kanya naroon sa di kalayuan si Tom. Dahan-dahan itong lumapit sa kanya
. Hindi iyon naramdaman ni Paula. Nang makalapit na ito ng tuluyan ay mataman si
yang pinagmasdan nito. Tinititigan ang kanyang magandang mukha. Ang bibig na nak
ahahalinang halikan. Hindi nakapagpigil ito t yumukod papalapit sa mukha ng dalaga
. Marahang dinampian ng halik ang labi nito.

Nagulat si Paula. Akala niya ynananaginip lang siya. Hindi pa man nakakagalaw si T
om at agad niya itong sinampal. Hindi na nakahuma si Tom sa pagkabigla. Hindi pa
siya nakuntento ay kinurot niya ang pisngi nito. At nang makitang totoo nga si
Tom, biglang nagbago ang reaksyon niya sa mukha. Awang-awa ito dahil sa ginawa n
iya sa lalaki. Nagpa-cute na lamang siya t nagpacharming para maibsan ang sakit na
bakas sa mukha nito.

Hinila niya ito papalapit sa kanya. Hinaplos niya ang pisnging mamula-mula dahil
sa pagkakakurot. Hinagod niya ang buhok nito papunta sa batok at inabot ang lab
i nito at ginawaran ng isang maalab nahalik. At tumugon si Tom nang walang pagtu
tol.

CUT!  sigaw ng direktor.

Ngunit kapwa nadarang ang dalawa sa tagpong ito.

Isang bagong Koreanovela ang ginagawa nina Paula at Jenki. May leading man na la
ng nga si Paula. Si Tom.

PABALIK ng Pilipinas si Paula. Kasama niya ang Shook family, si Belle at Reycard
s. Kasama rin niya si Tom. Higit sa lahat, kasama niya si Jenki. Maraming tao sa
airport na sumalubong sa kanya. Isang barangay na naman. May mga dalang plackca
rds at banner.

We love you Paula and Jenki!

We love you Paula and Tom!

Nagtilian ang mga tao nang makita sila ni Tom na magkahawak-kamay. Kinuha niya k
ay Belle si Jenki. Nagsigawan ulit ang mga tao nang makitang kinarga niya si Jen
ki. Natawa siya. Love triangle na talaga silang tatlo.

Pababa siya ng hagdanan. Kumakaway-kaway pa siya. Pang-Miss Universe wave. Buhat
niya si Jenki. Sikat na sikat na talaga siya sa Pilipinas.

Paula, Anak!

Nanay! sigaw niya.

Biglang tumalon si Jenki. Nabigla siya.

May hinabol ito. Hindi nila alam kung ano. Basta t nagtatakbo lang ito na may hina habol na kung ano o sino.

Jenki! Hinabol din niya ang pusa. Kasunod niya si Tom, Belle at Reycards.

Naghabulan sila sa airport.

Biglang huminto si Jenki sa pagtakbo, biglang hinto rin si Paula, at nagkasunuds unod na ang lahat sa paghinto. Natumba sila ng sabay-sabay.

Nadaganan si Jenki. Buntot na lamang ng alaga ang kumakawag.

Jenki! Kinabahan si Paula. Baka hindi nakahinga si Jenki. Baka napipi nila.

Buhay naman ito.

Imposible ka talagang pusa ka! Masyado kang mahiwaga! sigaw ni Belle.

Nakasunod na sa kanila ang mga tao.

A-anak,

`Nay.

Mahigpit na nagyakap ang mag-ina. Kasunod ang pagyakap naman niya sa ama at sa K uya Rico niya.

Kinarga niya si Jenki at ipinakilala sa mga ito. `Nay, `Tay, meet Jenki. Ipinakila la niya ang pusang naging dahilan nang malaking pagbabago sa buhay niya.

Kinuha ng Kuya Rico niya ang pusa.

At si Tom. Finally ay ipinakilala niya sa mga magulang si Tom.

Yumukod si Tom bilang tanda ng respeto sa mga ito.

Ang lalaking pakakasalan ko.

HINDI naintindihan ni Tom ang sinabi niya. Kinindatan pa niya ito.

Right?

Yes, yes. Pagsang-ayon nito kahit hindi naiintindihan ang sinabi niya.

Tumalon pa si Jenki sa ulo niya. Ito ang koronang dala-dala niya sa Pilipinas. I to ang dahilan kung bakit nakauwi siya sa Pilipinas na may karangalan. Hindi niy a akalaing may kakaiba pala siyang talento ang mag-alaga ng pusa, mag-luto ng ka kaibang putahe, umarte, magpatawa, maging matapang at higit sa lahat natuto siya ng magmahal at pahalagahan ang lahat ng mayroon siya.

Inakbayan ni Tom si Paula. Niyakap ito at hinalikan. Naipit si Jenki sa gitna ni la na noo y karga-karga ni Paula. Nakaasik ito kay Tom, at pagkuwa y naglambing sa p

isngi ni Paula.

Aba! At nagselos pa ang mahiwagang pusang ito! sabi ng Kuya Reycards niya nang map ansin ang ginawa ni Jenki.

Sabi na nga ba t iyan ang tunay mong ka loveteam, nagsa-pusa lang. Dugtong pa ni Bel le.

Nagtawanan ang lahat ng tao sa paligid nila.

Niyakap siya ni Tom. Masuyong hinagkan sa noo. Handang handa ito sa pagsubok na naghihintay sa kanilang dalawa sa pagbabalik ng Pilipinas. No matter what it tak es.